# *Ang Panggabing Mensahero*

Salamat, nang marami. Pagpalain kayo ng Panginoon. Makakaupo na kayo.

2 Dumating ang anak ko ngayong araw, at sabi niya, "Dad, sana pala nakita na natin itong simbahang ito bago natin inumpisahan na itayo 'yung sa atin, napakagandang lugar nito." At nagkuwento siya tungkol sa... Sabi, "Hindi ko pa nakakatagpo 'yung ministro, pero kung siya'y kasing buting tao gaya ng kanyang maybahay, pihado isa siyang mabuting tao." Kaya nagagalak kami na makapunta rito.

3 At ako'y—ako'y umaasa sa—sa pagtitipong ito ngayong gabi, na ibuhos nang lubos ng Diyos ang Kanyang mga pagpapala sa atin at tulungan tayo.

4 Ngayon tayo'y... Kapapasok ko lang, at narinig ko ang isang Kapatid na Williams, na sa tingin ko, may sinasabi tungkol sa pagpunta raw sa Ramada. At sa palagay ko naipabatid na, ang tungkol doon. Kadalasan inaasikaso na nila 'yun bago pa ako dumating. At tunay na inaasahan natin ang isang kaaya-ayang panahon doon sa kombensyon. At ang bahagi ko rito ay mistula bang lumilibot at nakikipagkita sa mga kapatid at nakikisama sa gitna ng mga tao, at nananalangin na pagkalooban tayo ng Diyos ng isang—isang tamang uri ng kasigasigan, at pagkatapos maaari tayong tumuloy mismo sa Ramada sa isang kaaya-ayang pagtitipon. At mangyari po na sinisikap naming dalawin ang lahat ng mga simbahan na maaaring madalaw, hanggang sa oras na 'yun. At nagtatamasa kami ng kaaya-ayang panahon. Tunay ngang nagtatamasa kami ng isang kaaya-ayang panahon sa pakikipagbuklod sa gitna ng mga kapatid natin.

5 At kadalasan ako'y... Alam ninuman na hindi ako ganoong kagaling na mangangaral, para lang akong reserbang gulong. Pero ako—ako... Ang pagmiministeryo ko ay pananalangin para sa mga maysakit. At ako... Lagi po tayong siksikan sa mga panggabing gawain, at mga bagay-bagay, hanggang sa halos wala na tayong sapat na lugar para gawin ang ganoon. At susubukan natin kung puwede nating... kapag makadako tayo sa mga punto na magagawa natin, dito, na mamigay ng ilang card at papasukin ang mga tao at ipanalangin sila. Pero paisa-isang panggabing pagtitipon lang, na 'yung hindi mo matatapos ngayong gabi haya't pagkatapos ay ilalagay nila roon sa ibang lugar sa kasunod na gabi at doon sa ibang lugar na naman, para sa ganoong paraan ay ako nga'y makapangusap ng isang—ng kaunting—ng kaunting pananalita bawat gabi sa mga tao, at ang lahat mismo ng makakaya ko para mistulang... sa kapurihan at

kaluwalhatian ni Jesus Cristo, at sa Kanya na buo nating iniibig at sinasampalatayanan, at ang pagbubuklod natin.

6 Sa palagay ko'y nabalitaan n'yo na 'yung aksidente sa kanto, kani-kanina lang. Hindi ko alam kung napatay 'yung lalaki, o kung sino man, na sinalpok ng sasakyan. Huminto lang kami, para sa ilang pagdulog na panalangin, kanina. Mga dalawang bloke lang lampas dito haya't may nahagip sa tagiliran at tumilapon hanggang doon sa lansangan. At isang malaking tao ang nakatakip doon. At nandun ang mga pulis, pero sa palagay ko hindi pa nakararating doon ang ambulansya. Sila marahil . . . Kung hindi namatay, tiyak mismo na . . . Tinamaan sa tagilirang *ito* at tumilapon hanggang sa lumagos sa pintuan sa kabila, kaya napakalakas nung pagbangga na 'yun marahil. Alam n'yo, sadya ngang . . .

7 Dapat nating paglingkuran ang Diyos bawat minuto. Hindi natin alam kung anong oras—hindi natin alam kung anong oras maaaring mangyari ang mga bagay na ganoon. Marahil ay iniisip nating hindi tayo masasangkot sa ganoon, pero alam n'yo maaaring mangyari nga, alam n'yo. Kaya, naniniwala akong sinabi ni Jesus, "Maging handa kayo," dahil hindi natin alam kung anong minuto o oras na tayo'y maaaring tawagin. At pagkatapos ay pupunta na tayo sa isang lugar kung saan wala na roong mga aksidente, at wala nang mga suliranin. Nagagalak tayong may lugar na katulad nun sa pangako.

8 Alam n'yo, 'yung mismong pagninilay, ngayong gabi, na—na makitang naghahangad tayo para sa ganoong lugar, siyanga't ipinapakita nun na mayroong ganoong lugar. Kita n'yo? At alam nating ang lahat ng mga negatibo, lahat ng mga anino, siguradong mayroong bagay para makagawa nung naturang anino. Ang anino'y isang pag-aaninag. Kaya kung may buhay na gaya nito, nagpapatunay lamang ito na isa itong anino, kung ganoon ay mayroong isang tunay na buhay sa isang dako na inaaninag nito. Kita n'yo? Pansinin n'yo ang isang punongkahoy, kung gaanong kaganda ang isang puno. At alam n'yo ba kung ano 'yun? Ito'y negatibong tipo ng, nung anino, ng Punongkahoy ng Buhay sa Langit.

9 Ngayon, alam n'yo, noong naparito sa lupa ang Diyos, noong nilililiman Niya ang lupa sa pasimula, at marahil ang unang bagay nga na lumitaw ay isang—isang butete, tulad ng sinisikap sabihin ng mga siyentipiko. Ang sumunod marahil ay isang bagay . . . Naniniwala ako sa tunay na Cristianong ebolusyon, pero hindi ako naniniwalang nagbuhat ang lahat ng ito sa iisang selyula. Naniniwala akong ito lamang . . . Gumawa ang Diyos ng isang butete, at pagkatapos gumawa Siya ng isang isda, at pagkatapos gumawa Siya ng iba pa. At ganoon mismo . . . Naniniwala ako sa paglitaw, hindi sa pamamagitan ng iisang selyula, kundi talagang iba't ibang nilalang sa tuwina.

10 At sa paglaon ay tuluy-tuloy Siya, papataas na uri ng nilalang, at pagkaraan ng ilang panahon ay isinalamin na nito yaong Isa na lumilim, ang Diyos. Ngayon, para patunayang tama 'yun, noong nagkatawang-tao ang Diyos haya't si Jesus Cristo 'yun, isang tao. Kita n'yo? Kaya, hindi isang Anghel, isang tao. Kaya ipinapakita nito na umaaninag ito sa Kanya.

11 At, oh, punung-puno ang matandang Biblia na ito ng mabiyayang mga butil. Ako nga'y. . .Talagang gusto kong makamina ng mamahaling bagay (hindi ba't kayo rin?) at papasok dun at papagpagin ang lahat ng mga alikabok Dito, at titingin Dito at titingnan kung ano Ito. Tulad nga sa mga hiyas, alam n'yo na mga taga-rito sa Arizona, na ang napakagagandang hiyas ay nanggagaling mula sa alikabok ng lupa. Doon sila nanggagaling. At ang mga hiyas ng Diyos ay kinuha mula sa alikabok, din naman. At Siya. . .Labis tayong natutuwa na binibigyan Niya tayo ng pribilehiyo na maipasok sa Kanyang planta, at ang lahat ng mga dumi ay maalis.

12 Alam n'yo ba kung paano ang proseso nila roon noong araw? Siyempre, alam n'yong mga taga-Arizona kung paano nila. . . bago pa nagkaroon ng makinang-panlusaw, may proseso sila ng pagdadalisay sa ginto noong araw. Naikuwento na sa atin na kinukuha nila ang ginto at pinupukpok ito. At ganoon dati ang ginagawa ng mga sinaunang Indian, pinupukpok ito. At binabaliktad, at pinupukpok nang pinupukpok ito, hanggang sa maalis nilang lahat ang mga dumi dito. At para malaman nilang naalis na ang lahat ng dumi (ang lahat ng pyrite, at kung anu-ano pang naroon, ang lahat ng 'yun), malalaman nga nila, kapag nakikita na ng tagapukpok ang repleksyon niya rito, nakikita na niya ang kanyang sarili. Sa ganoong paraan niya nalalaman na lumilinaw na ito, kapag naaaninag na nito ang sarili niyang larawan.

13 At, alam n'yo, sa tingin ko'y gustong gawin ng Diyos ang Kanyang Iglesya sa ganoong paraan, pupukpukin at pupukpukin ang lahat ng pagkamakasanlibutan hanggang sa mabuhay ang repleksyon ni Jesus Cristo sa bawat isa sa atin at pinapaaninag na natin ang Kanyang Buhay. Kung magkagayon ay nakahanda na tayo sa sandali na 'yan para sa Kanyang. . .Naaaninag na Niya ang Kanyang Sarili sa atin sa panahon na 'yan, kapag atin nang. . .isasantabi ang bawat pabigat at ang pagkakasalang pumipigil sa atin, upang takbuhin natin nang may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harapan natin, na nakatuon sa Huwaran, ang Nagtatag at Nagpasakdal sa ating Pananampalataya, si Jesus Cristo. Napakasaya ko para Riyan!

14 Ngayon, kadalasang sinasabi ko gabi-gabi. . .Nabanggit ko kay Kapatid na Carl Williams, sabi ko, "Kapatid na Carl, ayaw na ng mga tao na marinig akong muli, na taas-baba sa mga lambak, na pinapanatili sila nang hanggang dalawa o tatlong oras sa gabi."

Sabi niya, "Buweno, buweno, ayos lang."

15 Kaya pinasasalamatan ko ang pagtitiis n'yo sa—sa pag-imbita sa akin muli. At ngayon gabi-gabi . . .

16 Kinausap ko ang maybahay ko kanina, doon sa . . . Nasa Tucson siya ngayon, at ang sabi ko, "Kumusta naman ang panahon?"

17 Sabi niya, "Umiinit na." At sabi niya, "Natutupad mo ba ang iskedyul mo?"

Sabi ko, "Sakto naman, mga alas-diyes o alas onse natatapos gabi-gabi."

18 Sabi ko sa kanya, "Magpapahinga ako pagpunta ko roon sa Arizona sa pagkakataong ito sa maliit na pagtitipon na ito. Pupuntahan ko ang mga simbahan dun, ang mga kapatiran dun. Hindi ko pahihirapan ang mga tao dun, pupunta lang ako roon at hahayaan kong umusad ang mga awitan, ang pagsasaya. Lilimitahan ko ang sarili ko, isusulat ko ang mga tala ko na husto sa labinlima, dalawampung minuto, magsasabi ng 'Amen' at uuwi na."

Sabi niya, "Nasa iskedyul ka ba?"

19 Sabi ko, "Oo, mahal, ako nga; regular na iskedyul, hanggang tatlong oras." Napakabuti nilang tao; napakahaba ng pasensya.

20 Buweno, sige't iyuko na natin ang ating mga ulo pansumandali ngayon habang dumudulog tayo sa Kanya. Ngayon, natitiyak kong sa isang mainam na madla ng mga tagapakinig katulad dito na nananampalataya, at lalo na . . . Nakikita ko ang dalawang katre na nakalatag dito, ng mga tao na may sakit at nangangailangan, alam kong may mga espesyal silang kahilingan. Hindi maikakatwa na marami pang iba ang may ganito ring mga kahilingan. Kung mayroon po, itaas lamang n'yo ang inyong mga kamay at ipabatid lamang ito habang itinataas n'yo ang inyong kamay. At ngayon sa pananalangin pupunta ako riyan at ipapanalangin ang mga taong ito na nasa mga katre na ito, habang—habang narito kami, para matiyak nating magampanan ito. Kung may mangyari . . . May sapat silang katapatan para madala rito, ibig kong samahan n'yo akong lahat na manalangin.

21 Makalangit naming Ama, isinasantabi namin ngayon ang lahat ng iba pang iniisip, na nililinis ang aming mga isipan, at dumudulog kami sa Iyong Presensya para sa paglilinis ng aming kaluluwa. At dinadala namin sa aming harapan ang Dugo ng Panginoong Jesus. Inaamin naming hindi kami karapat-dapat sa anumang pagpapala na ibibigay Mo sa amin, pero dahil sa namatay Siya upang matamo namin ang mga pagpapalang ito, at sinabihan kaming lumapit na may katapangan sa harapan ng Luklukan, upang magkaroon kami ng karapatan sa mga pagpapalang ito sa biyaya ng aming Panginoong Jesus, Na

naparito sa lupa, ang Emmanuel, at humalili sa makasalanan. Siya ay naging *kami*, oh, upang kami naman ay maging *Siya*.

22 Isang dakilang palitan nga, Panginoon! Isang makasalanan, patungong impyerno na buhay na mayroon kami, pero ang malaman na dumating ang Isa na yaon at kinuha ang buhay na ito sa Kanyang Sarili, at nilinis ang mga kasalanan namin sa pamamagitan ng nabubong Dugo ng Sarili Niyang Buhay. Higit pa ito sa kayang liripin ng aming mga puso, Panginoon. At pagkatapos, bukod sa lahat ng 'yun, gumawa Siya ng daan para alisin ang aming kasamaan at para pagalingin kami sa pamamagitan ng Kanyang mga latay. Labis kaming nagpapasalamat na ipinangako Niyang panatilihin Niya kami sa mabuting kalagayan habang pinaglilingkuran namin Siya.

23 At ngayon sa gabing ito, Ama, maraming kahilingan ang . . . habang nakataas ang kanilang mga kamay. Batid naming isasaalang-alang Mo ang bawat isa sa kanila, natatalos kung ano ang nasa ilalim ng kamay, ang nasa puso.

24 At hinihiling ko, Panginoon, na Iyo pong alalahanin ang Salita ngayong gabi habang binabasa namin Ito; at pagnilay-nilayan Ito bilang maikling aralin, gaya ng isang Sunday school, upang umalis kami rito ngayong gabi at—at magkaroon nito sa aming mga puso, na ang pakiramdam namin ay magiging mas malapit pa kami sa Iyo, sa paglabas, kaysa sa noong pumasok kami kanina. Kaya kami narito, ay para magbunsod ito ng rebaybal sa buong bansa, gayong di nalalaman kung kailan ito maaaring sumiklab, pero may pananabik na hinihintay ito, Panginoon. Inilalagay namin ang bawat pagsisikap ng tao na nalalaman namin para magbunsod ng isang rebaybal na magdadala sa kalalakihan at kababaihan, mga kabataang lalaki't babae, sa isang nakapagliligtas na kaalaman ukol kay Cristo.

25 Gusto Ka po naming pasalamatan para sa simbahang ito, para sa mabuting pastor nito at sa kanyang pamilya, at para sa lahat ng mga diyakono, mga katiwala, at para sa lahat ng kinakatawan nito. Pinasasalamatan Ka po namin para sa kanila na magigiting na tumayo. At, Panginoon, sadyang idinadalangin namin ang mga pagpapala ng Diyos na mapasakanila. Pagpalain Mo ang bawat pagsisikap. Ito nawa ay maging isang himpilan, Panginoon, kung saan ang buong lambak dito ay maaaring makapunta at makasusumpong ng kapahingahan. Ipagkaloob Mo po ito, Ama. Matugunan nawa ang mga panalangin ng pastor para sa mga maysakit. Matugunan nawa ang kanyang mga panalangin para sa kaligtasan, para sa lahat ng papasok sa loob—sa hanay ng Ebanghelyo. Sumakanya nawa ang Iyong mga pagpapala. At hindi nawa magkulang ang iglesya ng anumang kaloob na espirituwal, maging dako nawa ito, na isang ehemplong iglesya sa buong komunidad. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

26 Ngayon, Ama, nakahiga sa mga katre rito ngayong gabi, sila na hindi kayang makaupo at malasap nang lubos ang pagtitipon, sila na walang ganitong pribilehiyo. At dinala sila rito sa kung anong paraan, ngayong gabi. Oh Diyos, mahabag Ka po! Naiisip ko, "Paano kung ang asawa ko 'yun o ang kapatid ko, o isang kamag-anak, na kakilala kong lubos?" Sila po'y ganoon sa isang tao, at dalangin ko, Ama, na ang biyaya ng Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan, ay abutin sila sa Makalangit na pagpapalaya ngayong gabi, at palayain sila sa mga katreng ito. Nawa'y hindi na sila manatili sa kinararatayan nilang ito nang matagal pa kaysa sa pagtitipon na ito ngayong gabi. Nawa, pag-alis nila, ay maiwan na ang mga kinararatayan nila. Ang kapangyarihan nawa, na bumuhay kay Jesus mula sa mga patay, ay bigyang-buhay ang kanilang mga katawan tungo sa bagong kalusugan at kalakasang muli. Ipagkaloob Mo po ito, aming Ama. Ngayon, batid naming ipinangako Mong gagawin ito.

27 Mangyari nga, na nasusulat sa mga Kasulatan, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa mga nananampalataya. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y gagaling."

28 Ngayon, Ama, nang sa gayon walang sinuman sa kanilang maaabot, habang ang iba'y kayang abutin ang isa't isa, bababa ako bilang paggunita sa utos na ito. At, Diyos, aasahan kong makatatanggap ako ng liham mula sa kanila, na napangyari nga ito, dahil ako'y pupunta sa Pangalan ni Jesus Cristo.

29 [Umalis si Kapatid na Branham sa entablado sa loob ng tatlo at kalahating minuto para ipanalangin ang mga nakaratay, hindi naririnig ang mga pananalita niya—Pat.]

Lord, I believe, O Lord, I believe,
All things are possible, Lord, I believe;
Lord, I believe, Lord, I believe,
All things are possible, Lord, I believe.

30 Dahil ang dalawang binibini'y may mga bukol, kanser sa isa, at, marahil sasabihin ko lang nang mabilisan ang maikling patotoo na ito, kung kailangan kong iksian ang ilan sa pananalita ko. Bago lamang ako umalis ng bahay, ang huling kaso na nagkaroon ako bago umalis, siyanga't isa 'yung namumukod-tanging kaso, may isang binibini at ang pangalan niya ay Dyer; siya ay, nakalimutan ko na ngayon ang pangalan niya. Si Doktor Dyer po, mula sa Louisville. Isang James, Doktor James Dyer, isang espesyalista sa mga bukol, at iba pa, sa Louisville.

31 Tumutugtog ng piyano ang anak niyang babae sa simbahan ng The Open Door, na pinagpapasturan ni Doktor Cauble; sadyang isang, oh, katangi-tangi't, napakalaking sinagoga ng mga Judio. At 'yung lalaki mismo ay kabilang sa Church of

Christ, sa denominasyon na Church of Christ, at naakay sa paniniwala sa ebanghelyo ng full Gospel, isang napakabuting tao. At tumugtog siya sa pagtitipon ko noong idaos ko ito sa Louisville, sa Memorial Auditorium. At namangha siya nung makita ang bagay na napangyari, at sinikap niyang sabihin sa kanyang tatay ang tungkol dito.

32 Sabi ng tatay, “Sikolohiya lang ’yan. Ang mga taong ’yun ay may sakit pa rin kung paano sila noon.” At mangyari—mangyari nga na ayaw Itong paniwalaan ng tatay niya.

33 Pagkatapos ng lahat ay nalayo na ang dalaga sa iglesya, nagpakasal siya sa isang binatang mula sa seminaryo ng Baptist, at kalaunan ay napalayo naman ang lalaki sa paniniwala nito. Pinagsanay siya para maging isang ministro, at sa paraan nga na pagganap dito ng Baptist. At pagkatapos sila . . . Kalaunan ay napalayo ito, ayaw na niyang mangaral. At lumipat sila sa mga kamag-anakan niya sa Rockford, Illinois.

34 Pagkatapos ng lahat, si Jean, ay nagsimulang magkaroon ng kung anong sakit na pambabae. Nagpunta siya sa kanyang tatay para masuri, bumalik sa Louisville para sa pagsusuri. At, noong masuri nila, nakita nila ang tinatawag na “chocolate tumor,” nasa glandula ito ng babae. Habang tinatanggal ’yun, ng kanyang tatay, sa isang pangunahing pag-oopera na ’yun, at nakalat marahil nito ang ilan sa—sa tumor sa babae. At sa dulo nun . . . At noong isinailalim nila siya sa puspusang X-ray at—at terapiya.

35 At pagkatapos nga noong sila . . . noong makauwi siya, haya’t patuloy pa rin siyang nagkakaproblema.

36 Makalipas ang halos isang taon ay ibinalik nila siya para sa isa na namang pagsusuri, at nagsagawa sila ng kumpletong histerektomiya. At habang ginagawa ’yun, ang tatay, kasama si Doktor Humes, na isa sa mga pangunahing doktor ng Katimugan, ang nag-opera, at malubha na, bumalot na ’yung kanser sa kolon. Kaya iniwan nila ang babae roon pansumandali. At pagkatapos ay sinubukan uli ng doktor ang paggamot sa pamamagitan ng X-ray, at nakita nilang wala itong ibinuti, kaya naman ibinalik na lang nila ang babae sa ospital para . . . Hindi na nila siya maaaring bigyan pa ng pampadumi para mapadumi siya, kaya sinubukan nilang linisin siya gamit ang labatiba. At humantong na ’yun sa punto sa hindi na makapasok pa ang tubig sa bituka.

37 Mangyari nga na ang asawa niya ay medyo isa sa mga kritiko ko. At mangyari na isang araw nagpunta siya roon at dinampot ’yung aklat at nagsimulang basahin ’yun. (At ang anak ko rito at si Kapatid na Sothmann, isa siya sa mga katiwala, narito siya sa kung saang dako.) At nahiga na lang siya sa baitang sa harapan ng pintuan ng simbahan, aba, sa loob ng halos ilang araw, hanggang sa . . . ako—ako nga’y nasa isa sa pagtitipon noon. Sa

pagbabalik ako'y—ako'y nagpunta para makita ang babae. At sinabi nung asawang lalaki sa akin, sabi, "Ngayon, hindi niya alam na may kanser siya." Sabi, "Sige't pumunta ka at kausapin mo siya at samahan siya sa panalangin."

38 At kaya noong makita ko ang babae, sabi nito, "Kapatid na Branham," sabi niya, "tatanggapin na ng asawa ko ang Makalangit na pagpapagaling," sabi, "dahil hindi ko siya noon makuhang tingnan man lang ang isa sa mga aklat, pero ngayon ay binabasahan niya ako nang pahina sa pahina araw-araw, 'yung isa sa mga aklat."

39 At sabi ko, "Nauunawaan ko 'yan, Jean." At sabi ko, "Ngayon, Jean, mag-usap tayo at tingnan kung ano ang sasabihin ng Panginoon." Walang tao sa silid, umalis na 'yung nars. At mangyari nga na nag-usap kami saglit, at pagkaraan ng ilang sandali ay dumating ang isang pangitain. Ako... Ang babae'y mag-aapatnapung taong gulang na, hindi naman katandaan, pero mas matanda na siya't ubanin tingnan. Sabi ko, "Jean, ngayon, nakadalo ka na sa mga pagtitipon."

"Opo, Kapatid na Branham."

40 Sabi ko, "Itinago nila ito sa iyo, at sinabihan akong huwag itong sabihin, pero mayroon kang kanser." At sabi ko, "Sinabi ng tatay mo at...O ng asawa mo, 'Huwag mong sabihin ang anuman tungkol dito.' Pero may kanser ka, Jean. Pero, ngayon, gusto kong sabihin sa'yo, dahil nakadalo ka na sa mga pagtitipon. Hindi kailanman nabigo ang isang pangitain. Ngayon sasabihin ko sa iyo, Jean, haya't GANITO ANG SABI NG PANGINOON! Kita mo?" Kita n'yo?

41 Ngayon, gusto n'yong matiyak mismo ukol dun, kita n'yo, na ang...na 'yun nga ang Panginoon. Hindi sapantaha; *nakikita* n'yo ito. Kita n'yo?

At tapos sabi ko, "Mabubuhay ka. Sila'y...Siya..."

42 Sabi niya, "Kapatid na Branham, may hinala na ako roon noon pa man." At sabi niya, "Dahil lumaki ako sa isang tahanan na ang tatay ko ay isang doktor," sabi, "ako—ako—ako nga'y may hinala na." Sabi, "Naisip ko na noon pa, na ganoon nga ito." Nanalangin kami.

43 Kinabukasan, ikalawang araw pagkatapos nun, dadalhin na nila siya para sa isang kolostomiya. Yun nga'y, alam n'yo na, pinuputol nila 'yung bituka't naglalagay ng bag sa tagiliran at tapos 'yung pasyente ay ganoon na...hanggang mamatay sila, sa dulo'y mapapatay na sila ng kanser, na dinedeposito 'yung laman nung bituka sa isang bag. At noong maihanda na nila siya, at naiprepara na't naihanda na para ilagay dun sa mesa kung saan siya ooperahan, nakaramdam siya ng talagang kakaiba. At kanilang...tumawag siya ng nars para pumunta't alalayan siya papunta ng—ng banyo. At, noong gawin niya, nagkaroon siya ng ganap na normal na pagdudumi. At ang kanyang—kanyang

asawang lalaki'y halos di makapaniwala. At nung ikalawang araw. . .Hindi na nila siya dinala. Noong ikalawang araw pa nga, haya't normal na, pagkatapos lamang ng almusal, isa na namang ganap na pagdudumi. Kaya siya. . .

44 Tumawag ang doktor niya. Sa pagitan ng mga hikbi't iyak, sabi niya, "Hindi ko talaga maunawaan, wala nga kaming makita ni isa mang sintomas nun. Naglaho na ito."

45 Ngayon, ngayon, minamahal kong kapatid na kababaihan, wala akong dahilan na tumayo rito bilang isang lingkod ni Cristo at magsalita ng isang maling bagay, dahil hahatulan ako sa araw na 'yun, at magiging isang iwinaksi, magiging isang ipokrito.

46 Ngayon, habang nakabukas ang Salita ng Diyos, ang ipinanalangin ko kay Jean ay hindi hihigit at hindi tataimtim kaysa sa ipinanalangin ko sa inyo, kita n'yo. Dumako lamang kami sa munting destinasyon na 'yun, na batid na ang panalangin na may pananampalataya ay naipanalangin na. Yun na 'yun mismo. Sinabi ng Diyos na ganoon nga, kita n'yo, "Ang panalangin na may pananampalataya ay magliligtas sa maysakit."

47 Ngayon, ang siya ring Diyos na nagpagaling sa anak na babae ni Doktor Dyer, na si Jean. . .Hindi ko na alam ang apelyido niya ngayon. Pero ganap na tinanggap nung asawa niyang lalaki ang buong Ebanghelyo. Noong huling pangangaral ko sa simbahan, narito siya't nakaupo mismo roon na tinatanggap itong lahat, tumanggap ng komunyon kasama natin, at lahat ng iba pa, haya't isang estudyanteng Baptist ang lumapit sa Panginoon para sa bautismo ng Espiritu Santo. Ngayon, nagpapakita lamang ito na ang Diyos ay Diyos pa rin.

48 At 'yung doktor, ang kanyang tatay, kalugud-lugod na ginoo, pero sadya ngang di pa siya nakakita kailanman ng anumang bagay na ganoon na nangyari.

49 Ngayon, may oras ang Diyos para sa lahat ng bagay. At mula sa pananampalataya, pareho na kayong mananampalataya. Kaya kung minsan nangyayari ang mga bagay na ito para sa ating ikabubuti. Alam n'yo, sabi ng Biblia, "Nagkakalakip na gumagawa ang mga ito para sa ikabubuti."

50 Ngayon, naaalala n'yo si Job, 'yung lahat ng mga pagsubok sa kanya? Ngayon, hindi 'yun pagpaparusa ng Diyos kay Job, kundi ang Diyos 'yun na pinagtitibay ang Kanyang lingkod. Kaya ang lahat ng ito'y paglalakip-lakip na gumagawa para sa ikabubuti, kita n'yo. At pagkatapos ang Aklat ni Job ay isinulat para sa lahat ng mga salinlahi, bilang patotoo. Ngayon, pinaglalakip-lakip ito ng Diyos para sa ikabubuti.

51 Tandaan n'yo mismo, nanalangin ako, nang buong puso ko, ng panalangin na may pananampalataya. Sampalatayanan n'yo ito, at hayan nga, 'yun na ito, ganoon ang mangyayari, basta't—basta't antabayanan n'yo mismo ang magiging mga resulta.

52 Ngayon, para dumako na mismo sa—sa mensahe, (marami ang nakatayo), isang maikling mensahe lamang po para sa gabing ito.

53 At—at tatandaan n'yo po, doon sa—sa Ramada, magkakaroon ng ilang mahuhusay na mga tagapagsalita sa kombensyon na ito sa Ramada sa pagkakataong ito, sa Business Men, kaya kayo... doon sa Ramada. Kaya tiyakin n'yo na sikapin n'yong makadalo sa pagtitipon na ito. Pupunta roon si Kapatid na Oral Roberts para sa gabi ng piging.

54 At, ngayon, medyo bahagi na ako ng Tucson, ako nga'y tataguyod para sa Tucson. Mayroon kaming isa, rin naman doon, sa susunod na gabi ng Lunes, kaya kung magkataon na naroon kayo, buweno, pumunta rin kayo roon. At kakailanganin n'yong...marahil magtitiis kayo nang kaunting oras sa akin, dahil ako raw ang magsasalita sa isang 'yun. Kaya pumunta po kayo kung makakapunta kayo sa susunod na Martes...sa susunod na Lunes ng gabi sa Ramada Motel, o Ramada Inn, sa Tucson. At, hayan nga, na alam nating lahat na labas lang ng bayan ng Tucson ang Phoenix. Alam nating lahat 'yun, kita n'yo, kaya—kaya pumunta kayo at tingnan kung paano mamuhay ang mga taga-kabundukan.

55 Ngayon sige't magbukas na tayo ng ating mga Biblia sa Zacarias 14, sa ika-6 at ika-7 kabanata, gusto kong bumasa bilang isang...para humango mula rito ng isang munting konteksto ng teksto na nais kong talakayin.

> *At mangyayari sa araw na yaon, na hindi magkakaroon ng liwanag, at ang mga nagniningning ay uurong:*
>
> *Nguni't magiging isang araw na kilala sa PANGINOON, hindi araw, at hindi gabi: nguni't mangyayari, na* sa *gabi ay magliliwanag.*

56 Ngayon gusto kong humango mula rito, *Ang Panggabing Mensahero*, bilang isang kon-...bilang isang teksto: *Ang Panggabing Mensahero*. Mangyari nga, maaari tayong magkaroon ng mga mensahero sa buong araw, at nagkaroon na ng mga mensahero sa buong panahong ito na Kanyang sinaysay, pero may darating na isang panggabing Mensahe. At gusto nating tingnan 'yun ngayong gabi at para pong sa pamamaraan na gaya ng pagsa-Sunday school, pag-uusapan ito pansumandali.

57 Ngayon, alam nating lahat kung anong tinutukoy rito ni Zacarias, dahil sinabi niya, "Darating ang isang araw na isasaalang-alang sa Panginoon, na hindi araw o gabi man; kundi sa gabi ay Magliliwanag." Ngayon, kung alam nating hindi ito araw o gabi man, siguradong ito'y animo'y isang—isang—isang araw na makulimlim, parang maulap na araw.

58 At alam nating lahat na ang sibilisasyon ay naglakbay mula sa silangan patungong kanluran. Ang pinakamatandang sibilisasyon na mayroon tayo ay ang Tsina. At naglakbay ang sibilisasyon mula silangan papuntang kanluran, dahil sinundan nito ang araw, at ngayon ay nakarating na tayo hanggang sa Kanlurang Baybayin. Kung magtutuluy-tuloy pa tayo, babalik tayong muli sa Silangan, kita n'yo. Kaya nasa dulo na tayo ng landas.

59 Naniniwala tayo, bilang ang Iglesya, na halos makumpleto na ang Ebanghelyo. Naniniwala tayong ang mga dakilang mensahero sa lahat ng mga kapanahunan ay, sa mga huling araw na ito, sa huling ilang daang taon, ay nakipagbaka para sa mga dakilang bagay na ito; ang pag-aaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, si Luther; pagpapaging banal, ni Wesley; ang bautismo ng Espiritu Santo, ng mga Pentecostal. Naniniwala tayong ang mga elementong 'yan ay bumubuo sa kumpletong katawan, gaya ng natural at ng espirituwal.

60 Kapag ipinanganak ang isang sanggol nang normal, ano ang unang bagay? Ang unang bagay na puputok, ay tubig; ang kasunod, ay dugo; at ang kasunod, ay buhay.

61 Ang sabi ng Unang Juan 5:7, "May tatlo na nagpapatotoo sa Langit, ang Ama, ang Salita, at ang Espiritu Santo: at ang tatlong ito ay iisa." Sila *ay* Isa; hindi maaaring nasa iyo ang Ama nang wala ang Anak, hindi maaaring nasa iyo ang Anak nang wala ang Espiritu Santo. Kita n'yo, sila ay Iisa. "Subalit may tatlo na nagpapatotoo sa lupa, ang tubig, ang dugo, at ang Espiritu: at sila ay nagkakaisa." Hindi sila isa, kundi *nagkakaisa* sila. Kita n'yo?

62 Ngayon, maaari kayong ariing-ganap na hindi binanal; maaaring pinaging banal kayo nang wala ang Espiritu Santo. Kita n'yo? Ang Espiritu Santo ang nananahang Presensya ng kapangyarihan ni Cristo, sa Espiritu. Ngayon, nakikita natin na tumitipo ang natural sa espirituwal, kaya nasa ganap na gulang na ang Iglesya ngayon: pag-aaring ganap, pagpapaging banal, bautismo ng Espiritu Santo. Katatapos lang namin sa Pitong Kapanahunan ng Iglesya, sa amin, itinipo 'yun nang napakaganda.

63 At, siyanga pala, may nakapakinig na ba ng mga teyp na 'yun tungkol sa mga kapanahunan ng iglesya? Noong huling pagkakataon na iginuhit ko ang mga kapanahunang 'yun doon sa pisara, at batid ng Ama sa Langit na totoo ito, noong matapos ko ito sa abot ng makakaya ko, sa ilalim ng inspirasyon na ibinigay ng Diyos sa akin, 'yung Anghel ng Panginoon na nakikita n'yo sa litrato (marami na ang nakakita dun sa larawan, di po ba, sa Liwanag na 'yun?), bumaba Ito mismo sa silid, sa harapan ng halos tatlongdaan o apatnaraang katao, pumunta mismo roon sa gilid ng dingding (bilang isang Liwanag na gaya nun) at

iginuhit ang mga kapanahunan ng iglesya na ’yun nang mag-Isa. Nakatayo kaming lahat doon na pinagmamasdan Ito, pinanood Ito habang iginuguhit ang unang kapanahunan ng iglesya, ang ikalawa, ikatlo, at ikaapat, ikalima, ikaanim, at ikapito.

64 Ngayon, may mga taong nakaupo rito na saksi roon. Itaas n’yo ang inyong kamay kung saksi kayo. Sabi ng Biblia, “Sa bibig ng dalawa o tatlong saksi.”

65 Ang lahat ng nakaupo roon, nagsisigawan at lahat na, sabi ko, “Hayan! Ngayon, nais n’yo Itong makita, siyanga’t maaari na Itong makita ng lahat.” Alas onse ng umaga, naroroon mismo sa may pader, at iginuhit ’yung mga kapanahunan ng iglesya, ipinapakita ’yung igting nung Espiritu, at ’yung kadiliman para ipakita na ’yung Espiritu’y natabunan at dumaan ito sa Madilim na Kapanahunan at tumugaygay mismo pabalik muli, sadyang kung paano ang pagkakaguhit ko rito. At mayroon kami nito, ng mga larawan nito, at ang lahat na nakaguhit, nakasabit sa dingding. At hayun nga ito nang sadyang eksakto. Marahil ang Espiritu ng Panginoon ay nasiyahan na nakumpleto na ’yun, dahil bumalik Siya’t pinatotohanang tama ’yun.

66 At nabubuhay na tayo sa Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea, ang mayamang kapanahunan ng iglesya na nag-aakalang wala na silang kailangang anuman, at hindi nalalaman na sila’y hubad, kahabag-habag, bulag; at hindi nalalaman ito, kita n’yo. Ngayon, ang lahat ng ’yun, tumitipo.

67 Ngayon, ang parehong araw na sumisinag sa. . .sumisikat sa Silangan ay ang parehong araw na lumulubog sa Kanluran. Ngayon, huminto lamang tayo pansumandali para bigyan ng batayan ang mensaheng ito. Alam nating ang araw, ’yun ay a-r-a-w, ang solar system. Pero ang A-n-a-k ng Diyos ay bumaba, sa kaningningan ng Diyos at sa Liwanag ng Diyos, doon sa Silangan. At mayroon na tayo ngayong dalawang libong taon, na isinaalang-alang ng Panginoon, sabi Niya, “Ito ay isang panahon na hindi araw o gabi man, mistula bang isang makulimlim na araw; ngunit sa gabi ay Magliliwanag.”

68 Ngayon, kung mapapansin n’yo, bumaba muna ang Espiritu Santo sa mga tao sa Silangan. At nagkaroon tayo ng panahon ng pakikianib lang sa iglesya at maliliit na dulo-dulo na dapat resolbahin, at maliliit na pakay na dapat ipaglaban. Pero sa oras na ng gabi, sa Kanlurang kalahati ng mundo, ay Magliliwanag. At naroon na tayo sa panahong ’yun ngayon! Dumarating ang sibilisasyon na parang isang malalim na awang mula sa Silangan, na tangay-tangay ang kasalanan sa tuwina sa pagdaan nito, at nakarating na siya sa Kanlurang Baybayin na gaya ng isang sound barrier, at napaatras siya, ang pinaka masamang lugar na nalalaman ko ay ang Kanlurang Baybayin. Anumang nais mong isipin, mayroon sila roon, kasalanan,

katiwalian, diborsyo, pag-aasawa, Hollywood, ang mismong hukay ng impyerno! Ganoon nga mismo.

69 Naniniwala ako sa tunay na kabanalan na galing sa Biblia. At hindi ako naniniwala sa karumihan at bulok na basurang ito na nagbibigay-halimbawa sa harap ng ating mga kababayan, na tinatawag na Hollywood. At noon pa ma'y salungat na ako rito. At sa tingin ko ang isang tao na may Espiritu ng Diyos sa kanya ay magiging laban dito, dahil magpapatotoo ang Espiritu ng Diyos na "mali ito" para sa kanya.

70 Ngayon sa tingin ko isa 'yan sa . . . Dati-rati nagpupunta tayo sa Paris para kumuha ng mga hubad na modelo para hubdan ang kababaihan natin, ngayon ang Paris na ang pumupunta rito para kumuha ng sa atin. Kita n'yo? Nangunguna na ang Hollywood sa mundo. At ang mga hubad na moda na mayroon tayo sa panahong ito, nahigitan na ang Pransya (isipin n'yo nga 'yun!), ang lasing, na magulo't, imoral na lugar na 'yun, at sa kabila nun ay dinaig lahat-lahat 'yun ng Hollywood.

71 At ang lahat ng mga telebisyon natin, ang lahat ng mayroon sila rito'y hindi sinasala, talagang mahahalay na biro, at bulok na katiwalian, na sadyang nagtatampisaw sa lahat. At ang mga tao, ang diyablo . . . Hindi natin pinapayagan ang mga anak natin na pumunta sa—sa mga palabas na sine maraming taon na ang nakalipas, tayo na mga sinaunang Pentecostal, pero ngayon nagpuslit mismo ang diyablo ng isa't inilagay pa mismo sa bahay natin. Nakita n'yo? Mangyari nga na ipinasok ng diyablo mismo ang palabas na sine sa loob.

72 Ngayon, at ito'y—ito'y isang—isang kakila-kilabot na bagay na—na isiping humantong na ang sanlibutan sa ganitong kabulukan, dahil ang lahat ng mga basura't sukal, kita n'yo, at basta na lang naanod papunta rito, dumating kasama ng sibilisasyon.

73 Pero sa tuwina . . . Ipapangaral ko isa sa mga araw na ito, loobin ng Panginoon, sa ilang araw, ang *Ang Paghahandang Pagbibilang*. Alam n'yo, ako'y—ako'y umaasa na nasa landas kayo ng tahakin, at hayan nga na ating—ating talagang nakikita roon kung anong nangyayari. May ipinangyayari ang Diyos na isang bagay sa Kanyang Iglesya, rin naman, sa tuwina, kita n'yo, habang nangyayari ang mga bagay na ito. At ngayon ay nasa huling panahon na tayo, salamat sa Panginoon!

74 Ang bawat kapanahunan ay nagkaroon ng kanyang mensahe at mensahero. Tiniyak 'yun ng Diyos. Bawat . . . Maging sa mga kapanahunan ng iglesya, nalaman natin na nagkaroon ng mensahero ang bawat isa, at namuhay ang bawat isa sa kanilang panahon; at may isa na namang dumating, at ang isang 'yun naman ay umaalis; at may iba na namang darating; at patuloy hanggang sa ikapitong kapanahunan ng iglesya; bawat bituwin, bawat anghel ng iglesya, bawat mensahero.

75 At nalaman natin, sa huling kapanahunan ng iglesya, doon sa Apocalipsis 10, magkakaroon ng isang tunog ng trumpeta, at may pitong tinig na nagsalita sa. . .Hindi sila pinahintulutang isulat. Pero tinatakan ito sa likod ng Aklat, nasa likod ng Aklat ang pitong tatak. Pagkatapos na maisulat ang Aklat, pagkatapos nga'y tinatakan Ito sa likod dun ng pitong tatak. Ngayon, walang nakakaalam kung ano ang mga ito. Pero sabi Nito, "Sa mga araw ng pag-ihip ng ikapitong anghel ng kanyang Mensahe," 'yun ay *makalupang* anghel, siyanga.

76 Dahil bumaba ang Anghel na *ito* mula sa Langit; at *ito* naman ay nasa lupa; ang *anghel* ay "isang mensahero," isang mensahero para sa kapanahunan.

77 At pagkatapos mapapansin nating inilagay Niya ang Kanyang. . .may bahaghari sa Kanyang ulo at itinaas ang Kanyang kamay at nanumpa sa Kanya na nabubuhay magpakailan-kailanman, na hindi na magluluwat ang panahon (noong nagsalita ang pitong tinig na ito, pitong kulog ang umugong). At sinabi Niya sa kanila, "Huwag ninyong isulat, kundi tatakan n'yo Ito." At nalaman nating nasa likod 'yun ng Aklat.

78 "Ngunit kapag natapos na ng ikapitong anghel ang kanyang Mensahe, ang pagpropropesiya niya sa araw na 'yun, kung magkagayon ay tapos na ang hiwaga ng Diyos," alam ng lahat na sinasaysay 'yun ng Biblia. "Ang hiwaga ng Diyos, kung ano ang Diyos, kung Sino ang Diyos, at tungkol sa daan patungo sa bautismo at mga bagay-bagay, na dapat na matapos nang lahat sa araw na 'yun."

79 Ang bawat mensahero ay nagkaroon ng kanyang mensahe, at ang—ang mensahe at ang mensahero ng kapanahunan. At pinaka kapansin-pansin na ang bawat mensahero. . .Nalaman pa nga natin sa mga kapanahunan ng iglesya (at ngayong gabi ay babalik tayo sa Lumang Tipan at masusumpungan na ganoon din ito) na ipinapadala ng Diyos ang mensahero ng kapanahunang 'yun sa katapusan ng panahon; palaging sa dulo, hindi kailanman sa simula. Sa dulo!

80 Ngayon, habang lumilipas ang kapanahunan ni Luther, ay saka pumasok si Wesley. At noong lumipas ang pagpapaging banal ni Wesley, pumasok naman ang panahon ng Pentecostal. Kita n'yo? Palaging binubuksan ng mensahero ang bagong mensahe sa dulo nung nauna. Ito'y sa bawat kapanahunan na natapos. Alam nating katotohanan 'yun.

81 Nauulit ito sa tuwina sa Biblia. Masusumpungan natin 'yun sa banal na mga Kasulatan, hanggang sa dulo, na sa pagwawakas mismo ng kapanahunan at papasok 'yung panibago, lumilipas ang kapanahunang 'yun at pumapasok ang isang bagong kapanahunan, ipinapadala ng Diyos ang mensahero.

82 At sa tuwina—sa tuwina, sa tuwing dumarating ang isang mensahero, sa tuwina'y pagtawag ito pabalik sa Salita, hindi 'yun nabibigo. Tandaan n'yo, Ito ang kumpletong kapahayagan ni Jesus Cristo, walang maaaring idagdag Dito o ibawas Dito. Ito ang kumpletong kapahayagan ni Jesus Cristo. At ang tanging paraan na makatitiyak tayo: kung may lumitaw sa gitna natin na salungat sa kapahayagang ito, hayan nga't mali 'yun. Kita n'yo? "Dali-daling bumaling pabalik sa Salita!" At sa tuwina'y tumatawag na bumalik.

83 At sa bawat kaso sa Kasulatan, bawat kaso, gumagamit ang Diyos ng isang propeta para tawagin ang kapanahunang 'yun pabalik, sa tuwina. Walang tin-. . .Hindi, ni minsan ay di 'yun nabigo, Siya'y nagpapadala sa tuwina ng isang—isang propeta! At ngayon bakit ganoon ang ginagawa Niya? Dahil ang sabi ng Biblia, "Ang propeta ang dinaratnan ng Salita ng Diyos," ang tagapaghayag ng Salita.

84 Ngayon, umaasa akong—akong—akong hindi mamali ang pagkakaintindi ng sinuman sa akin. Kita n'yo? Ayaw kong magkamali ng pagkakaintindi ang sinuman sa akin, pero gusto kong maging totoo't tapat sa pagkatawag. Nais nating maging ganoon.

85 Ngayon, sa tuwina'y gumagamit ang Diyos ng isang—isang propeta, isang tao. Kung gagamit ka ng isang grupo ng mga tao, iba't ibang ideya ang makukuha mo; kita n'yo, bawat tao, dalawang tao. Hindi kailanman Siya nagkaroon ng dalawang pangunahing propeta sa lupa nang sabay. Kinukuha Niya ang isa, para ang isa'y maaaring pumalit sa lugar nito para sa panibagong araw, panibagong mensahe. Hindi kailanman Siya nagkaroon ng dalawa, mayroon Siyang isa sa isang pagkakataon.

86 At hindi binabago ng Diyos na walang hanggan ang Kanyang programa, kailangan Niyang manatili sa tuwina sa kung ano ang pinasimulan Niya. Yun ang dahilan kung bakit maaari tayong magkaroon ng tiwala sa sinasabi Niya, hindi kasi Siya maaaring magbago. Kung iniligtas Niya ang isang tao batay sa pananampalataya Niya sa Diyos, kinakailangang maligtas ang kasunod na tao sa ganoon ding paraan.

87 Noong gumawa ang Diyos ng isang lugar kung saan maaari Siyang makisama sa Kanyang nilalang, sinubukan ni Adan na gumawa ng sariling daan mismo, at nagtagpi-tagpi ng mga dahon ng igos para sa kanya at sa kanyang asawa, para gumawa ng pantapis. Tinanggihan ito ng Diyos. At ang Diyos ang nagpasya sa kung anong programa o kung anong batayan Niya katatagpuin ang tao at makikisama sa kanya, at 'yun ay ang nabubong dugo. At hindi Niya ito kailanman binago.

88 Ngayon, bilang Methodist sa Baptist, kaya nating kamayan ang isa't isa. Pero sa batayan sa pagitan ng pagiging Methodist at Baptist ay wala tayong bagay na pagkakapareho, humihila

ako para sa Baptist at humihila ka naman para sa Methodist, o kabaligtaran. Pero may isang batayan kung saan ang lahat ng mga mananampalataya ay maaaring magtagpo, 'yun ay sa ilalim ng nabubong Dugo. Doon tayo nagtatagpo at isinasantabi ang lahat ng mga bagay na ito. Kaya hindi tayo maaaring humantong lahat sa isang organisasyon, hindi natin puwedeng gawin 'yun.

89 Ang mga maliliit na organisasyong ito, sa tingin ko'y galing na ang Diyos dito, ang buong bagay. Pero ang mga tao... dahil magkakaiba tayo. Magkakaiba ang nakikita ng bawat tao, iba ang nakikita ng bawat persona, walang dalawang isipan ang eksaktong magkatulad. Walang dalawang tao ang ganap na magkatulad, gaya ng sabi; walang parehong ilong, walang parehong bakas ng hinlalaki. Kita n'yo, iba't iba ang pagkakagawa sa atin, sa ganoong paraan ay marapat na iba't iba ang grupo natin.

90 Pero gumagawa ang Diyos sa tuwina sa isang indibiduwal. Hindi ka Niya inililigtas dahil isa kang Methodist; hindi ka Niya inililigtas dahil isa kang Baptist; hindi ka Niya inililigtas dahil isa kang Pentecostal. Inililigtas ka Niya dahil nakipag-ugnayan Siya nang personal sa *iyo*! At naligtas kayo sa ganoong batayan, na tinanggap n'yo ito. Kaya naman samakatwid, ang Diyos, para makipag-ugnayan sa inyo, hindi Siya nakikipag-ugnayan sa inyo sa batayan ng Kanyang iglesya, nakikipag-ugnayan Siya sa inyo bilang isang indibiduwal.

91 Kaya naman kapag ipinadala ng Diyos ang Kanyang mga propeta, ang Kanyang mga mensahero ng Tipan, nakikipag-usap Siya sa isang tao, at kinakailangang ihatid ng taong 'yun ang Mensahe. Nagmula ang iba pa sa kanya, sa lahat ng dako, na dala-dala ang parehong Mensahe. Pero kinakailangang may isang himpilan. Ang Diyos ay mayroon nito sa tuwina. Nagpapasalamat akong mayroon Siya nito ngayong gabi; 'yun ang Espiritu Santo, hayan nga, alam nating lahat. Ngayon, hindi kung anong grupo, kundi ang Espiritu Santo ang Himpilan ng Diyos. Yun ang Mensahero ng Diyos sa oras na ito.

92 Ngayon, dahil, sa propeta dumarating ang Salita sa tuwina, kung sila'y isang tunay na propeta ng Salita, pinatutunayan ng Diyos ang Kanyang Salita sa pamamagitan ng propetang 'yun.

93 Ngayon, nagkaroon na ng maraming bulaang propeta, nagkaroon tayo ng mga ganoon sa lahat ng nagdaang mga kapanahunan. Bumaling tayo pabalik sa Lumang Tipan, makikita natin silang lumilitaw at nagsasalita sa Pangalan ng Panginoon at ito ay—ay hindi tama. Walang magiging anumang kinalaman ang Diyos dito. Hindi Niya pinatototohanan ang kahit ano maliban sa Kanyang Sariling Salita. Sa anumang paraan, hindi Niya patatakbuhin ang gawain Niya nang ganoon. Kita n'yo?

94 Tatandaan n'yo lamang, ang pinagtitibay lamang ng Diyos ay ang Kanyang Salita! At tanging ang isang tunay na propeta ang. . . At ang tanging paraan na masasabi mong totoo nga siya o hindi, ay sa pamamagitan ng Salita. Yun ang paraan para hatulan siya.

95 Ngayon kung mapapansin n'yo, tulad sa mga araw noong—noong si Micaya, noong tumayo ang apatnaraang propetang Hebreo, sa harap ni Ahab at Josaphat, at nagsabi, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON, 'Umahon ka't magtagumpay.'" Sa panimulain haya't tama sila. Pagkatapos ay tinawag si Micaya sa eksena, 'yung kinasusuklaman nilang lahat. Ngayon, para bang kung. . . Apatnaraan (hindi ko—hindi ko tinutukoy rito ang mga propeta ni Baalim) na mga Hebreong propeta na tumindig na nagkakaisa, at nagsabi, "Pumunta ka sa Ramoth-galaad, pagpapalain ka ng Panginoon at magtatagumpay ka." At hindi mga mapagpanggap ang mga taong 'yun, talagang kinasihan sila! Pero ang kanilang. . .

96 Kung ganoon bakit dumating itong isang hamak na lalaki na nagngangalan na—na Micaya, na anak ni Imla, at bumaling at nagpropesiya ng salungat sa kanila? Ngayon, nangailangan 'yun ng lakas ng loob, kinailangan ng matatag na paniniwala. Kita n'yo? Pero paano niya nalaman na tama siya? Kung nakatayo kayo roon, papaano n'yo 'yun malalaman? Ang tanging magagawa n'yo, ay kunin ang sinasabi nung tao at ihambing ito sa Salita. Kita n'yo? Ngayon, si Micaya ay eksaktong nasa Salita, dahil si Elias, ang dakilang propetang 'yun na dala-dala ang Salita ng Panginoon, ay isinumpa na noon sina Ahab at Jezebel at lahat. Kita n'yo? At paanong babaling ang Diyos at pagpapalain ang binalingan ng sumpa? Kita n'yo, kaya talagang hindi ito uubra.

97 Ngayon, nalaman natin na pinatototohanan ng Diyos ang Kanyang Salita. Ang salita ng propeta, kung isa siyang propeta, kung ganoon ito'y. . . nagsasalita siya sang-ayon sa Salita. Sinabi ng Biblia sa isang dako, sabi, "Kung hindi sila nagsasalita ng ayon sa kautusan at mga propeta, walang Liwanag sa kanila." Pagkatapos tatawagin. . . Pagkatapos ay tatawagin ng mensaherong ito Yaong mga tinawag na lumabas. Tama Siya sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, pinatutunayang tama siya.

Pansinin, pansinin n'yo, ngayon babanggitin natin ang ilang tauhan at makinig kayo.

98 Si Noe ay saksi ng Diyos para sa huling panahon na 'yun ng pangmalawakang pagkagunaw sa baha. Ngayon, tingnan n'yo kung gaanong kasalungat ang kanyang mensahe sa buong daigdig na 'yun na nakaamba sa pangmalawakang pagkagunaw sa baha. Aba't, itinuring 'yung lalaki na isang taong baliw. Aba, ang kanyang. . . Pero, sa kabila nun, taglay niya mismo ang Salita ng Panginoon. Ngayon, nagsalita ang Diyos na Kanyang

"di kukunsintihin ang kasalanan," kaya naman Kanyang... noong nagsimulang magkasala ang mga tao, pagkatapos nga'y bumaba ang Diyos at ipinangaral ni Noe ang mensahe para sa huling panahon. Kailan 'yun? Bago mismo ang panahon ng kawakasan, ibinangon ang mensaherong ito. Ipinadala ng Diyos ang propetang ito dala ang mensahe para sa huling panahon. At pinagtawanan siya at, tinuya, ginawang katatawanan, at tanging ang pagliligtas ng kanyang sariling sambahayan ang nailigtas niya. Siyanga. Walang maniwala sa kanya. Pero nasa kanya ang mensahe para sa huling panahon. Ngayon, ang lahat ng hindi naniwala ay nahatulan, at 'yung mga naniwala sa mensahe ay naligtas. Binigyan sila ng Diyos ng Buhay at naligtas sila, at 'yung mga hindi naniwala Rito ay napahamak.

99 Ngayon, may itinitipo ako. Pansinin n'yo ang Diyos, kung paanong ginawa Niya ito nang tatlong beses.

100 At ang bilang na tatlo ay ang sakdal na bilang ng Diyos. Ang Diyos ay pinaging-ganap sa tatlo, kagaya ng, "Ama, Anak, at Espiritu Santo," at "pag-aaring ganap, pagpapaging banal, bautismo ng Espiritu Santo." Siya'y pinaging-ganap, dahil ang *tatlo ay* ang Kanyang "kasakdalan." Ang *lima ay* ang bilang ng "biyaya." Ang pito ay...Ang bilang ng "pagsamba," *labindalawa*. Ang *apatnapu ay* ang bilang ng—ng "pag-uusig." At ang *limampu* ay "jubileo," pagsamba. Ang ibig sabihin ng "Pentecostes" ay *limampu*. At, apatnapung araw na tinukso si Moises, apatnapung araw na tinukso si Cristo, kita n'yo. At ang lahat ng mga tipo na 'yun. Ngayon, ang Diyos ay napagiging-ganap sa tatlo.

101 May tatlong pagkawasak. Isa sa mga 'yun, ay noong *pumasok* na si Noe sa daong; pangalawang pagkakataon, *lumabas* si Lot sa—sa Sodoma. Masdan n'yo, binanggit ni Jesus ang mga 'yun, "Kung papaano ang nangyari sa mga araw ni Noe at sa mga araw ni Lot, gayon din ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao." Masdan n'yo! *Pumasok* ang isa, *lumabas* naman ang isa pa, at ang susunod ay *papaitaas* na. Uh-huh. Kita n'yo? Uh-huh. *Papasok*, *lalabas*, *papaitaas*! Ngayon, ganoon ang pagkakasunod-sunod ng Panginoon. Kita n'yo, tinukoy ni Jesus 'yung dalawang propeta. "Kung papaano ang nangyari sa mga araw ni Noe," kita n'yo, "at kung papaano ang nangyari sa mga araw ni Lot," si Abraham bilang ang propeta, "kung papaano ang nangyari, gayundin ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao." Kita n'yo, tumutukoy pabalik sa kanila.

102 Ngayon, si Moises, isa pang propeta, sa pagwawakas ng kapanahunan ng Egipto noon. Nalaman natin na noong ililigtas na ng Diyos ang Kanyang bayan, labis silang inusig ng mga Egipcio, at naglagay ng mga tagapagmando sa kanila, o mga magmamando sa kanila, ang ibig kong sabihin. At mangyari nga bago lamang ang kanilang pagkawasak, ang Diyos, gaya ng dati, nagpadala Siya ng isang propeta na dala ang Salita

ng Panginoon. Tandaan n'yo, pinagkikilala ng propeta nang eksakto kung ano ang ipinangako ng Diyos (daan-daang taon bago pa, apatnaraang taon at kung ilan bago pa) kay Abraham, na ang binhi niya'y makikipamayan sa ibang lupain, pero Kanyang ilalabas sila sa pamamagitan ng makapangyarihang kamay. Alam n'yo, doon sa nagniningas na palumpon noong nakatagpo ni Moises ang Diyos, sinabi Niya sa kanya, "Narinig Ko ang daing ng Aking bayan, nakita Ko ang kanilang mga pagdurusa, at naalala Ko ang Aking tipan." Inalala ang Kanyang Salita!

103 Tandaan n'yo, naaalala pa rin Niya ang Kanyang Salita! Kita n'yo? Hindi Siya nabibigo, kailangan Niyang gawin ang parehong bagay sa lahat ng pagkakataon. Kaya ko sinasabi ang mga bagay na ito, ay para maalala n'yo at maisip. Kahit kayo na mga nagkasasakit na; napansin n'yo haya't ang sabi ko'y nagkasakit "na" noon.

104 Ngayon, pansinin n'yo ngayon, lahat nga kayo'y dapat n'yong alalahanin ito, na hindi maaaring magbago ang Diyos! Siya ang hindi nagbabagong Diyos. Nagbabago ang mga panahon, nagbabago ang mga tao. Ang Diyos ay walang hanggan, hindi Siya maaaring magbago! Ang Kanyang. . . kinakailangan Niyang manatiling ganoon pa rin, kahapon, ngayon, magpakailanman, kailangan Niyang manatili sa tuwina. At kung naniniwala tayong Ito ang Salita ng Diyos, mailalagak natin ang ating tiwala sa anumang bagay na sinabi Niya. Kita n'yo?

105 Ngayon, nakikita n'yo roon kung paano dumarating ang Kanyang mensahe, kung paano Niya ipinapadala ang Kanyang mensahe. Hindi Niya maaaring baguhin 'yun, noon pa man ay ginagawa na Niya ito. Kinakailangan Niyang manatili na ganoon pa rin. Sa ganoong paraan Niya gagawin ito sa tuwina. Ngayon, tandaan n'yo, kailan Niya ginagawa ito? Bago mismo ang mga pagkawasak, sa bandang dulo mismo ng kapanahunan. Doon Niya ipinapadala ang Kanyang mensahe para tawagin palabas ang Kanyang bayan, (palagi silang naguguluhan), at heto sila na dumarating.

106 Ngayon, noong panahon ni Moises, naligtas ang mga mananampalataya, at nangamatay ang mga di-mananampalataya.

107 Ang naniwala sa mensahe ni Moises na buhat sa Diyos, ngayon, hindi sana nila pinaniwalaan 'yun maliban na pinagtibay ng Diyos si Moises at pinatunayan na sumasakanya ang Salita ng Diyos. Pinaging propeta siya nun. Pumunta siya roon at sinabi niya, "Bukas, mga ganitong oras, makikita n'yo ang *ganito-at-ganoon* na mangyayari." Kinabukasan, nangyari nga ito. Ganoon mismo. Ang sinumang tunay na propeta ng Diyos na nagsasalita sa Pangalan ng Panginoon ay gagawin ito.

"At matutupad na *ganito-at-ganoon* ang mangyayari. Pupunta ako roon sa Faraon, pero siya'y magmamatigas, magkakaroon ng matigas na puso. Sasabihin niyang paaalisin niya tayo pero hindi niya tutuparin." At, nangyari nga. Kita n'yo? Bakit? Nang magkagayo'y nalaman ng mga tao na ang lalaking ito ay talagang ipinadala mula sa Diyos. At pagkatapos ay unti-unti nilang nakikita na pinagpala siya ng Diyos, at kinilala nila siya't, noong gawin nila, naganap ang mga dakilang bagay.

108 At ang mga tao na nagtawanan at nanlibak at ayaw tanggapin ang kanyang mensahe, nangamatay sila kasama ng mga di-mananampalataya.

109 Pero ang mga mananampalataya ay lumabas at pumasok sa lupang pangako, nagpailalim sila sa pinahirang mensahe ng mensahero. Isa 'yung mensahe ng pagliligtas, na ipinangako ng Diyos na dadalhin Niya ang Kanyang bayan sa isang lupain na dinadaluyan ng gatas at pulot. At nangyari nga, dahil sinabi na noon pa ng Diyos, at dumating si Moises at pinagtibay bilang ang mensahero ng panahong 'yun.

Ngayon, lubos na naging malinaw 'yun sa atin.

110 Buweno, pagkatapos ay nalaman natin na si Moises ay ipinakilala nang tama.

111 At pagkatapos sa pagpapalit ng kapanahunan, dumating ang panahon para sa. . .sa pagitan ng kautusan at biyaya. Kinailangang sumapit ang panahon na ang sinalitang Mesiyas na yaon ay darating. Nalaman natin na sa panahon na binaluktot na ng mga tao ang kautusan, na ipinailalim itong lahat sa isang malaking grupo ng kung ano, at nagkaroon na ng lahat ng klase ng—ng mga tradisyon ng tao, na ipinasok nila rito. Sa pagpapalit ng panahon ay dumating si Jesus, na isang panibagong Propeta, Diyos na Propeta.

Ngayon, sasabihin n'yo, "Hindi Siya propeta."

112 Sinabi ng Biblia na Siya nga. "Ang Panginoon ninyong Diyos ay palilitawin ang isang Propetang gaya ko." Siya ang Diyos na Propeta, sa pagpapalit ng panahon sa pagitan ng kautusan at biyaya, na Kanyang sinaysay sa lahat ng mga nagdaang mga taon na 'yun. Matapos Niyang ibinigay ang kautusan kay Moises, pagkatapos sa pagpapalit ng panahon, kung kailan sinabi Niyang matutupad ito, pagkatapos nga'y bumalik Siya sa biyaya. At nagpadala Siya ng isang Propeta na nagpropropesiya tungkol sa panahong 'yun. Ngayon—ngayon, ang mga mananampalataya, tinipon Niya sila; nangapahamak ang mga di-mananampalataya sa Kanyang panahon. Ang lahat ng nanampalataya sa Kanya ay nangaligtas; at ang lahat ng hindi nanampalataya sa Kanyang mensahe ay nangapahamak.

113 Ganoon mismo ang nangyari sa mga araw ni Noe; ganoon ang nangyari sa mga araw ni Lot; ganoon ang nangyari sa iba pang mga araw, sa mga araw ni Moises; ganoon ang nangyari sa

mga araw ni Jesus Cristo. Dahil inayawan nila ang mensahe at napahamak, at 'yung mga naniwala sa mensahe ay naligaw . . . o naligtas.

114 Ngayon, ngayon, pagkatapos ay pumasok na ang dispensasyon ng iglesya. Nabuhay tayo noong panahon ni Noe, sa panahon ng pangmalawakang pagkagunaw sa baha; pumasok tayo sa dispensasyon ng kautusan; pagkatapos ay sa dispensasyon ng biyaya, ang iglesya. At ngayon ay papatapos na ang dispensasyon ng iglesya. Alam nating lahat 'yun.

115 Ngayon, kung ginawa ng Diyos ang *ganito-at-ganoon* sa dispensasyong 'yun, doon sa iba pang dalawang dispensasyon, kinakailangan Niyang manatili na pareho pa rin at gawin ang ganoon din sa dispensasyong ito, dahil sinabi Niyang gagawin Niya ito. Patutunayan ko ito sa ilang minuto, sa pamamagitan ng Salita, na sinabi Niyang gagawin Niya ito. Ngayon, hindi Niya maaaring baguhin ang Kanyang programa, Siya'y Diyos. Pansinin n'yo kung anong ginawa Niya sa mga dispensasyong 'yun.

116 Ngayon ay dumating na tayo sa katapusan ng dispensasyon ng iglesya. Yun ang binasa ko ngayong gabi:

> Magliliwanag sa oras ng gabi.

117 Nagkaroon na tayo ng maraming panahon na mapanglaw, pero darating ang Liwanag. Ang siya ring Anak na dumating at bumago sa dispensasyon noon, ay dumarating muli! Yun nga'y magiging mula lupa patungong Kaluwalhatian. Makakasama tayo roon. Sa isang panahon ay *pumasok* tayo, sa ibang panahon ay *lumabas* tayo, at sa pagkakataong ito ay *papaitaas* tayo! Kita n'yo? Buweno: papasok, lalabas, papaitaas. Papunta na tayo sa huling panahon. At hindi lang tayo papunta, dumating na tayo. At nasa huling panahon na tayo!

118 Ano ang masusumpungan ng Diyos sa huling panahong ito? Masusumpungan ng Diyos sa huling panahong ito mismo kung ano ang nasumpungan Niya sa ibang huling mga panahon, ang di-pagsampalataya! Sa tuwina'y ganoon na Siya noon pa man, Siya, kapag dumarating Siya, Siya'y—Siya'y nakakasumpong ng di-pagsampalataya. Nasusumpungan Niya na ang programang inilatag Niya sa mga tao . . .

119 Doon sa panahon noon ni Noe, kung nabuhay sana ang mga tao noon ayon sa mga ordinansa ng Diyos, naghandog ng mga hain . . . Lumayo kasi sila rito. Pagdating Niya, nasumpungan Niya ito, mali ang pagsasagawa sa bagay na 'yun.

120 Ganoon din ang nasumpungan Niya pagdating Niya sa lupa, nasumpungan Niya ang mga tao't ang mga Fariseo at iba pa, sa kautusan. Anong ginagawa nila? Sadya ngang wala man lang sinseridad dito, basta na lang lumalarga't nilalabusaw ito sa kung anong lumang paraan, at "Hangga't sumasapi sila sa

iglesya, hayan nga't 'yun lang ang kailangan nila." At ganoon ang nasumpungan Niya.

121 At ganoon muli ang nasumpungan Niya! Ganoon pa rin ang nasumpungan Niya, hindi nagbabago ang mga tao. Kaya kung ipinadala Niya ang Kanyang programa at hindi ito pinaniwalaan ng mga tao roon at nangapahamak sila, o pinaniwalaan nila ito at sila'y nabuhay, (ngayon, sa dalawang ito), marapat lamang na ganoon na ganoon din sa panahong ito. Tiyak na pareho ito. Hindi . . .

122 Noon pa man ay isa nang pakikibaka para sa mensahero na ihiwalay niya ang luma sa bago. Sa tuwina'y ganoong pakikibaka, para—para sa parating na mensahero na paghiwalayin ang luma mula sa bago, bagaman dapat na nakabatay sa tuwina ang mensahe sa Kasulatan, ngayon, dahil paunang sinaysay na ng bawat isa ang tungkol doon sa isa pa na parating.

123 Ngayon, kunin natin, bilang halimbawa, si Jesus. Kung gaanong kahirap, na pumasok Siya at baguhin ang mensahe mula sa kautusan patungo sa biyaya. Ganoon pa man sinabi ng Biblia na darating ito sa ganoong paraan, "Darating ang isang—isang Mesiyas, at ang araw-araw na paghahain ay aalisin na." At alam nating iprinopesiya ito sa pamamagitan ng mga propeta. Napakalaking bagay para gawin Niya 'yun. Pero nakita natin na ginawa nga Niya ito. At 'yung . . . Ginawa Niya ito dahil sinabi ng Kasulatan, at ang mga mananampalataya sa araw na 'yun (na mga naturingan lang na mananampalataya) ay mariing ayaw sumang-ayon sa Kanya.

124 Tingnan n'yo ang mga Fariseong 'yun, mga Saduceo, may mga sarili silang tradisyon at walang makakapag-alis sa kanila rito. Ganoon ang pinaniniwalaan nila, pinaniwalaan 'yun ng kanilang nanay, pinaniwalaan 'yun ng kanilang tatay, at ng kanilang lolo, pinaniwalaan 'yun ni lola, at "sinabi 'yun ni Moises!" Pero ang siya ring Moises na nagbigay ng kautusan ay ang siya ring Moises na nagsabing darating ang Lalaking ito, at bigo silang mapagkilala ito dahil inilagay nila ang tunay na Salita ng Diyos sa mga tradisyon at iniwan ang pangunahing simulain Nito. At kinailangan itong magkagayon.

125 Pansinin, pauna nang sinaysay ng bawat isa na darating ang isa pa. Ang bawat isa sa mga mensahero, pagkatapos ng mensahe, ay paunang nagsasaysay na darating ito. Ngayon, pero sa tuwina'y tangan-tangan ng mga tao ang mensahe ng panahong nakalipas na dala nila, at itinatatag ito.

126 Himayin natin ito, nang husto't nasa punto, tingnan natin si Luther. Noong ipinangaral ni Luther ang pag-aaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, siya ang mensahero, ang anghel ng kapanahunan ng iglesyang 'yun, buweno, ng Kapanahunan ng Iglesya ng Sardis. Ngayon, pansinin n'yo,

noong nangaral siya, isinaayos niya ang mga Lutheran. Ngayon, pagkatapos, heto't lumaganap si Luther. At noong pumasok na si Wesley, ang Kapanahunan ng Iglesya ng Filadelfia, na dala ang mensahe ng pagpapaging banal, aba, mahirap para kay Luther na makita 'yun. Ayaw nila na mga Lutheran na paniwalaan ito.

127 At pagkatapos noong maitatag na sila ni Wesley sa Pilgrim Holiness at Free Methodist, at iba pa, sa pagpapaging banal, at dumating naman ang mensahe ng Pentecostal, aba, naging mahirap para sa isang Methodist na paniwalaan 'yun. Uh-huh, tunay, ganoon nga. Kita n'yo, isa itong. . .

128 Ganoon pa man ay tinutukoy ng isa 'yung isa pa, ayon sa Kasulatan. Sinaysay noon ni Enoc ang tungkol sa darating na mga pagwasak, sa pamamagitan ng pag-agaw sa kanya, na iniuwi siya ng Diyos; isa siyang saksi. Sinaysay ni Abraham noon sa mga tao ang tungkol kay Moises. At sinaysay rin ni Moises sa kanila ang tungkol sa Mesiyas. Kita n'yo, patuloy nilang sinasaysay at sinasaysay, ang isa sa isa pa. Sinaysay rin ng Mesiyas ang tungkol sa panahong ito, sinasaysay kung magiging ano ito!

Sasabihin n'yo, "Ah, Kapatid na Branham!"

129 Oh, siyanga, sinabi nga Niya! Atin lamang. . . Marami akong mga Kasulatan na nakasulat dito, at tutukoy lang ako ng dalawa o tatlo sa mga ito. Kunin natin ang Mateo 24. Ngayon nga'y kunin natin ang Mateo, sa ika-24 na kabanata, at basahin kung ano ang sinabi Niya roon na magaganap, kung papaanong "Maglalabanan ang mga bansa sa bansa." Pero, alalahanin n'yo, pagkatapos ay bumaba Siya roon at ang sabi Niya, "Kung paano ang nangyari sa mga araw ni Noe, at kung paano ang nangyari sa mga araw ni Lot, ay gayundin naman ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao." Ipinauna na Niya ito, tinukoy na Niya na mangyayari ang mga bagay na ito bago pa!

130 Sabi Niya, "Ngayon, kapag nangyayari na ang lahat ng mga bagay na ito, hindi pa panahon," at iba pa. Pero sabi, "Alamin n'yo ang talinghaga ng puno ng igos, kapag ito'y bata pa't umuusbong ng mga sanga, at ang lahat ng iba pang mga puno, kung magkagayon ay nalalaman n'yong malapit na ang tag-araw. Gayundin naman, kapag nakita n'yo ang mga bagay na ito na natutupad, maalaman n'yong malapit na ang oras, napipinto na." Ngayon, kapag nakita n'yo ang ano? Ang puno ng igos na umuusbong na, at ang lahat ng iba pang mga puno ay nagsisimula nang umusbong, isa 'yung tanda. At noon pa man ang Israel ang puno ng igos na 'yun.

131 Nagpropesiya pa nga si Joel tungkol dito, "Ang iniwan ng tipaklong, ay kinain ng kuliglig at sinira ang bagay. Subalit nangako ang Diyos, 'Aking ipanunumbalik, sabi ng Panginoon.'" At gagawin Niya ito. Pero bago Niya maipanubalik 'yun sa espirituwal na kalagayan nito, kailangang kunin

muna ang Iglesyang Gentil. Hindi Niya pagsasabayin silang dalawa. Ngayon, hindi n'yo maibubunsod ang mga Kasulatan na mabaluktot ang sarili nito kagaya nun. Kita n'yo? Hindi Niya kailanman pinagsabay ang dalawang saksi, mga pangunahing saksi, at hindi Siya kailanman nagkaroon—hindi kailanman Siya . . . Wala Siyang dalawang Iglesya nang sabay.

132 Pansinin n'yo, ito . . . kailangan munang kunin ang Iglesyang Gentil, para sa mga Judio, at pagkatapos ay magaganap na ang wakas ng Pitumpung sanlinggo ni Daniel. Ang tatlo't kalahating taon na ang Mesiyas ay nagpropesiya, at pagkatapos Siya ay pinutol, ang Prinsipe, sa gitna ng ikapitumpung sanlinggo. At, pagkatapos, may tatlo't kalahating sanlinggo pang natitira. At nalaman natin na ang dalawang propeta ng Apocalipsis (hindi Niya kailanman pinalitan ang Kanyang balabal muli), ng Apocalipsis 11, darating at magpropropesiya sa mga Judio. Ngayon, kukunin na ang Iglesya sa panahong 'yun.

133 At nakikita natin ang Israel, sa unang pagkakataon sa loob ng ilang daang taon, halos lampas dalawang libong taon, ay naging isang bansa na ngayon; may sarili na siyang sandatahan, may sarili na siyang salapi. Nasa sariling bayan na ang Israel; sarili niyang bansa, sariling bandila, kasapi na sa United Nations. Isa na siyang bansa! Aba, isa ito sa mga pinakadakilang tanda na maiisip natin, ngayon mismo, nasa sariling bansa na ang Israel. At sinabi ni Jesus, "Ang lahing ito na makakakita sa pagbabalik ng Israel sa kanyang sariling bayan ay hindi lilipas hanggang sa matupad ang lahat." Kita n'yo, nagsalita Siya tungkol sa panahong ito.

134 Hayaan n'yo akong magbigay ng isa pa. Sa Ikalawang Timoteo 3, nagsalita Siya ukol sa iglesya sa huling panahon, sabi, "Sila ay magiging matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kaysa mga maibigin sa Diyos." Pangingibabawan ang daigdig, ng iglesya, "mga maibigin sa kalayawan kaysa mga maibigin sa Diyos," magpapaiwan sa bahay at manonood ng isang programa sa telebisyon bago dumalo sa pagtitipon para sa pananalangin nang gabi ng Miyerkules.

Sasabihin n'yo, "Baptist 'yan."

135 Mga Pentecostal 'yun! Oo nga! Siyanga, po. Oh! "Matitigas ang ulo, palalo, mga maibigin sa kalayawan"; ilatag mo pa ang Salita sa harapan nila mismo, hindi nila Ito titingnan. Uh-huh. "Mga maibigin sa kalayawan kaysa mga maibigin sa Diyos"; sabihin mo sa kababaihan na hindi nila dapat gupitan ang kanilang buhok, gugupitin at gugupitin pa rin nila. Uh-huh. "Mga maibigin sa kalayawan kaysa mga maibigin sa Diyos, mga walang paglulubag, mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili, at hindi mga maibigin sa tama. May . . . "

Sinasabi n'yo, "Mga ateista 'yan." Hindi! Hindi!

136 "Na may anyo ng kabanalan, datapwat tinatanggihan ang Kapangyarihan nito," ang Kapangyarihan na makapagliligtas sa inyo sa pugad na ito, ng kasalukuyang sistema ng mundo. ". . .Kapangyarihan nito; lumayo ka rin naman sa mga ito." Huwag n'yong pansinin kung ano ang sinasabi ng iba pang tao, ikaw bilang isang indibiduwal sa harapan ng Diyos, kinakailangan mong managot. Kahit ano pa ang gawin ng babaing ito o gawin ng babaing 'yun, o gawin ng lalaking ito o gawin ng lalaking 'yun, o, sabihin ng mangangaral na ito o sabihin ng mangangaral na 'yun; ikaw ito at ang Diyos. "Na may anyo," ayon sa tradisyon, "datapwat tinatanggihan ang Kapangyarihan nito; lumayo rin naman kayo sa mga ito." Nabubuhay na ba tayo sa panahong 'yun? Tunay na tayo nga!

137 Tingnan n'yong muli ang huling kapanahunan ng iglesya. Ang Espiritu Santo, si Jesus Mismo, "Akong si Jesus ay nagsugo sa Aking anghel upang sa inyo'y magpatotoo ng mga bagay na ito." At Apocalipsis, sa ika-3 kabanata, nagsasabi tungkol sa kapanahunan ng iglesyang ito, nagpapatotoo si Jesus sa kung ano ang mangyayari sa mga huling araw, sabi Niya, "Magiging mayaman ang iglesya, Laodicea, malahininga," magawang tumalon-talon nang sapat kapag tumutugtog ang musika para sumigaw. Kita n'yo? Siyanga. Pero para sa isang patotoo at isang buhay na mapaglilinis, malayo ito roon.

138 Hindi ko. . .Hindi ko kayo sasaktan nang walang kabuluhan, pero nagkaroon po ako ng pangitain di pa katagalan na naroon ako sa Paraiso ng Diyos. Hindi ko magagawa na hindi sabihin sa inyo ang Katotohanan. Diyos, tulungan Mo po kaming mga ministro na maging tapat sa mga bagay na ito at sabihin ang Katotohanan!

139 Kita n'yo? ". . .?. . .sa lamig. . ." Sinabi ng Biblia na magiging ganoon sila, kaya magiging ganoon mismo sila. Kung natupad ito nang ganap kay Luther, natupad nito ito nang ganap kay. . .sa Kapanahunan ng Filadelfia kay Wesley, kailangang salitain nito ito at magiging ganap. . .Sinalita na nito ito, at magiging eksaktong ganoon din sa Laodicea.

140 "'Mayaman, hindi nangangailangan ng anuman!'" Kaya nating maglaan ng bilyun-bilyong dolyar sa mga gusali, kaya nating maglaan ng lahat na bawat—na bawat. . .makamundong libangan, kaya nating magtayo ng pinaka magagandang simbahan. Ayos naman 'yan, walang anuman, ayos na ayos lang 'yan.

141 Pero ang sinisikap kong sabihin, kapag nagsisimula nang sawayin sila ng Mensahe, aayawan ka na nila. "Isa kang hibang! Isa kang panatiko! Dapat daw nabuhay ka limampung taon na sa nakalipas." Kita n'yo? Oh, marahil iisipin n'yo, "Naku't hindi ako magkakaroon ng ganyang pastor." Pero pastor mo nga siya, ano't anuman! Hinding-hindi matanggap ni Jezebel na ang

Elias na 'yun ay ang kanyang pastor, pero siya namang talaga. Tunay na siya nga ang kanyang pastor. Ipinadala siya, isang halimbawa, isang mensahero sa bansang Israel. At sa panahong ito ang kalugud-lugod na Espiritu Santo at ang Salita ng Diyos ay isang Mensahero sa iglesya, para ituwid sila't ibalik sila sa Salita. Nangungusap tayo ukol Dito, pero wala kang nakikitang kumikilos. Uh-huh, kita n'yo, napaghahalo-halo natin ang mga bagay na 'yun.

142 Narinig ko ang isang tao, parang sa patotoo, ang sabi, "'Itaas n'yo Siya,' paano n'yo naman Siya maitataas?" At, oh, talagang naglalabasan 'yang maliliit na ismo! May nagsabi, "'Magbantay at manalangin,' ibig sabihin nun panatilihing nakamulat ang isang mata kapag nananalangin ka, tapos tumingin gamit 'yung isa pa. 'Magbantay at manalangin.'" (Haya't, ang ibig sabihin ng *magbantay* ay "magbantay sa pagdating ng Panginoon," at manalangin.) Kita n'yo, binabaluktot.

143 Samakatwid, doon, anong bunsod nun sa atin? Gumagawa tayo ng maliit nating sariling tradisyon (at pagkatapos kung. . .) na ang Diyos man ang nagtayo nito o hindi. At lalabas tayo, malalaman mo na lang, may maliit na tayong grupo na sumusunod sa atin, at hatak-hatak sila palabas sa pinakapangunahing katawan ng iglesya. Siyanga. Sa halip na pumasok at manalangin at lutasin ang bagay, at hayaang magpatuloy ang katawan, ginagawa't ginagawa natin ang mga ganoong bagay 'yun man ay itinayo o hindi. Kung nasa iyo ang Katotohanan, kung ganoon ay manatili ka sa Katotohanan. Ganoon nga mismo. Pero dapat maging Katotohanan ito ng Biblia una sa lahat! Pansinin, sa pamamagitan ng. . .itong kapanahunan ng Laodicea.

144 At ang mga propeta, uh, nagsasalita ang Espiritu Santo sa pamamagitan ni Pablo, na ang Mesiyas. Hindi 'yun si Pablo, 'yun si Cristo! "Ang Diyos, sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan ay nagsalita sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta, sa huling araw na ito sa pamamagitan ni Jesus Cristo," Mga Hebreo 1, pansinin, ang Espiritu Santo, si Cristo, Ebanghelyong si Cristo ang sentro, Salita na si Cristo ang sentro. At kung si Cristo ang sentro Nito, at pinagti-. . .Pagtitibayin Ito ng Diyos na Katotohanan.

145 Yun ang dahilan kung bakit natatanggap n'yong mga Pentecostal ang Espiritu Santo sa pananampalataya ng Method-. . .sa harap ng pagpapaging banal ng Methodist, dahil kayo'y nasa Salita mismo.

146 Yun ang dahilan kung bakit pinaging banal kayong mga Methodist noong hindi ito pinaniwalaan ng mga Lutheran, kayo'y nasa Salita.

147 Sa ganoon kayo naligtas na mga Lutheran, inaring-ganap, dahil nangaral ang mensahero n'yo ng pag-aaring ganap, at

nagprotesta laban sa iglesyang Katoliko na pinakalihis sa lahat. Iglesya lang ang pinaniwalaan nila; kayo naman ay bumalik sa Biblia, at tinanggap n'yo ang katotohanan ng Biblia at nanghawakan dito.

148 At pagkatapos dumating si Wesley na may panibagong katotohanan, at nanghawakan dito; dumating naman ang Pentecostal na may panibagong katotohanan, at nanghawakan dito; kung ganoon na kaya n'yong manghawakan doon at nakikitang tama ito, bakit hindi n'yo tanggapin ang buong bagay na napatunayan nang tama? Sampalatayanan itong lahat!

149 Ngayon, kapag nakita natin ang mga mensaherong ito, malalaman natin. Nakikita natin si Cristo, ang dakilang Diyos na Propeta na pauna nang sinasaysay ang mga bagay na ito na mangyayari sa mga huling araw. Anong ginagawa nito? Pinasisimulan ang panahon ng pag-ani. Pinasisimulan na ang panahon na aanihin na ang pananim, kung ano ang mangyayari sa mga huling araw. Nakikita n'yo ba?

150 Ngayon, mangyayari ang mga bagay na ito sa huling mga araw. Alam natin kung anong uri ng ani ang hinahanap natin. Hinahanap natin ang isang iglesya na dating may Liwanag, na tumalikod Dito, na napadpad sa pangbibighani ng mundo, sa pagpapaganda (tama ba?), napapalayo, tumatanggap ng kahit anong uri ng miyembro, at kahit ano, at tinatawag ito na mga Pentecostal, nagbabautismo ng kahit ano.

151 Hindi nakapagliligtas ang tubig sa isang tao. Kinakailangan ang Dugo ni Jesus Cristo. Walang Buhay sa tubig. Nagmumula ang Buhay sa selyulang Dugo; kinakailangan ng pagpapabanal para malinis ang buhay na 'yun, para patayin ang pagnanasa sa kasalanan; saka papasok ang Espiritu Santo dun sa malilinis na sisidlan at inilalaan ito sa gawain, paglilingkod. Pinapabanal ng altar ang sisidlan, pero ang. . .ang pagpupuno nito ay ang paglalagay nito sa paglilingkod. Inilalaan ito *para sa* paglilingkod, ngayon kailangan na itong mailagay sa paglilingkod. At inilalagay ng Espiritu Santo ang iglesya sa paglilingkod. Gustong-gusto ko na noon pa 'yung maikling awiting:

> Sa itaas na silid sila'y nagtitipon,
> Nananalangin lahat sa Ngalan Niya,
> Nabautismuhan sila ng Espiritu Santo,
> At ang kapangyarihan para sa gawai'y dumating;

Oo. At ang iba pa nito'y nagsasabi:

> Ang ginawa Niya para sa kanila sa araw na 'yun
> Ay kaya rin Niyang gawin para sa iyo. (Tiyak nga.)

152 Ang ani; ang mga propeta; huminto tayo roon kay Cristo. Ngayon babalik lang tayo nang kaunti.

153 Si Isaias, na propeta, kung papaanong nagpatotoo siya noon, nagpropesiya tungkol sa huling panahon. Sabi niya, "Mapupuno ang buong katawan ng nagnananang sugat, ang bawat dulang ay mapupuno ng suka!" Aba, ang mga kalalakihan at kababaihan sa panahong ito, nagkokomunyon sila, namumuhay na may dalawa o tatlong asawang babae, o dalawa o tatlong asawang lalaki, (ganoon nga) lahat na ng uri ng. . .naninigarilyo, at lahat ng ganoong mga bagay; pumapasok sa simbahan, nagkokomunyon!

154 Ngayon, puwede pa akong bumaba nang kaunti kaysa roon, pero maghihintay lang ako pansumandali, marahil hindi pa tama. Nakaramdam ako ng kaunting pagtutuwid sa sasabihin ko sana. Pero ako. . .Nakakabasa naman kayo sa pagitan ng mga linya. Alam n'yo ang sinasabi ng Biblia, kung ano ang mga karaniwan at di karaniwang bagay.

155 Ang lahat ng mga bagay na ito na nakikita nating nangyayari, at ang bansa. . .sinasabi ng siyensiya na ito'y. . . apat o limang taon na ang nakalipas, "Tatlong minuto na lang at maghahatinggabi na." Nasa sarili nang lupain ang Israel. Ang iglesya ay nasa Laodicea na. Oh, grabe! Ano pang hinahanap natin? Anong nangyayari?

156 Hinihintay natin ang Liwanag sa gabi. Oh, iniisip ko, kung darating Ito, kung makikilala kaya natin Ito? O lalampas lang kaya Ito sa ibabaw ng ating mga ulo kagaya noon sa iba pang mga kapanahunan? Hindi nila ito namalayan hanggang sa matagal nang nangyari.

157 Maaalala n'yo, 'yung mga taong relihiyoso ang pumatay sa mga propeta na ipinadala sa kanila. Sinabi nga ni Jesus. Sabi Niya, "Kayong mga mapagpaimbabaw!" Sabi, "Pinapalamutian n'yo ang libingan ng mga propeta, at inilagay sila ng inyong mga magulang doon at pagkatapos ay itinayo ang kanilang mga libingan."

158 Tingnan n'yo ang iglesyang Romano Katoliko, na pinalamutian ang libingan ni Saint Patrick, pinapalamutian ang libingan ni—ni Joan of Arc. Samantalang pinatay nila ang babaing 'yun, at sinunog siya sa paghihinalang isa siyang mangkukulam, dahil siya'y espirituwal, dahil nakakakita siya ng mga pangitain. Sinunog nila siya sa tulos, bilang isang mangkukulam. Pagkalipas ng dalawang daang taon ay hinukay nila ang katawan nung mga pari't itinapon ang mga 'yun sa ilog, bilang penitensya, noong nalaman nila na isa pala siyang lingkod ni Cristo. Pero, noong panahong 'yun, wala silang kamalay-malay kung sino siya, habang nagdaraan ang iglesya.

159 At lalampas Ito sa ulunan ng mga tao at hindi nila Ito mapagkikilala.

160 Si Jesus, hindi nila napagkilala na Siya pala ang Anak ng Diyos hanggang sa namatay Siya't inilibing at bumangon muli. Hindi ba't isinakdal sila ni Pedro noong Araw ng Pentecostes? "Kayong tao na may masasamang kamay ay kinuha ang May-akda ng Buhay, at pinatay Ito, pinatay Siya!"

161 Oh, ang kumikislap na pulang hudyat ng Kanyang pagdating ay narito na! Amen! Nasa kawakasan na tayo. Amen. Ang kumikislap na pulang hudyat ay nasa lahat na ng dako, nasa lahat ng dako, "Ichabod," ang nakasulat. Tapos na ang oras. Ubos na ang oras!

162 Humantong na ang siyensiya sa kanilang katapusan. Siyanga. Nakapag-imbento sila ng bagay sa panahon ngayon na may kakayahan na pasabugin nila ang buong mundo, ang bawat isa'y natatakot sa isa pa. Nasa huling panahon na sila.

163 Ang sibilisasyon, dumating na ito sa isang dako na ang mga tao. . . ang tugatog ay umuugoy na patalikod. Ang mga tao'y di na umaakto na gaya ng mga taong sibilisado. Mantakin n'yo ang isang lalaki'y gustong maging isang beatnik, na nakalaylay ang mga balbas nang *paganito*, na nakalaylay sa kanyang balakang ang puruntong niya, gusgusin siyang pupunta roon sa bakuran ng eskuwelahan na ganoon ang itsura? Ganoon ang katalinuhan ng mundong darating pagkatapos nito, kung mayroon pa, dinadala sa labas ang munting labing-apat na taong gulang na mga batang babae, doon sa lansangan.

164 Ngayong araw lang, doon sa motel ko, nakahiga roon sa labas ang isang nanay na ang suot na damit ay sapat lang na pasakan ang kanyon ng eskopetang baril, at nakahiga roon sa labas ang asawa niyang lalaki na ganoon din ang itsura, at naroon sa malamig na hangin dun. Sa tingin nila'y napakaganda ng katawan nila na kailangan nila itong ipakita. Hindi n'yo ba napagtatanto na 'yun ang diyablo? Siyanga. Hinuhubad ang mga damit nila, mga wala lang sa katinuan ng pag-iisip ang gumagawa nun. Ginawa 'yun ni Pulutong dahil baliw siya. Pansinin n'yo! At mayroon tayo nun, pero tinatawag 'yun na "moda," tinatawag 'yun na "moderno." Ang tawag naman natin dito ay "Ang diyablo!" Mayroon akong Biblia para patunayan na ito'y ang diyablo. Ito'y pag-ali ng diyablo, inaalihan ng diyablo (hindi pang-aapi). Inaalihan, kaya hawak ka niya! Siyanga. Sasabihin mo sa kanila ang tungkol dito? Sasabog sila. Ayaw nilang magkaroon ng anumang kinalaman Dito! Hindi, nga. May mga sarili silang ideya, dahil sa kanilang morge na kanilang sinasambahan ay hindi nila kailanman sinasaway ito. Kasanayan na ang sex appeal sa mga paaralan at mga simbahan, at takot ang mga pastor na sawayin ito, napakabihira mismo.

165 Naulinigan ko ang isang ministro noong isang araw, ang sabi, "Noong maimbento nila itong asul na bagay para sa mga mata, at—at mga pulang labi, nakagawa raw sila ng mas marikit

na mundo." Isang ministro ng Ebanghelyo, sa pulpito, tapos magsasabi ng ganoong pangungusap, talagang kailangan niya ng paglalakbay tungo sa Kalbaryo. Tama. Ganoon nga mismo, gayong kinokondena ito ng Biblia!

166 Tapos sinabi ng isang grupo ng Pentecostal sa isang kapatid na babae (pumunta nga sa lugar, na umiiyak) dahil inayos niya ang buhok niya na nakataas sa likod ng kanyang ulo't, mahaba ngang buhok, sabi, "Baka umimpis 'yang reserbang gulong mo." Sabi, "Dapat mong putulin ang buhok na 'yan, dahil ang sabi ng Biblia ang babaing may . . . sa Isaias, sa ika-5 kabanata, ay may mga bilog na gulong na tulad sa isang buwan." Ngayon, paano masasabi ng Biblia na "kapag gumagawa ang isang babae ng isang maruming bagay," hindi siya karapat-dapat pakisamahan kapag pinuputol niya ang kanyang buhok, pinatutunayanan lang niya na niwawalan niya ng puri ang kanyang ulo, at kung gayon ang mahabang buhok . . . ? . . . Papaano n'yo raw magagawa na papagsabihin ang Biblia ng ganoong bagay? Buweno, ano ba ang nangyayari sa mga kababaihan natin na Pentecostal? Masyado na kasing babad kayo sa kapapanood ng telebisyon! Masyado nang marami ang nakita n'yo sa sanlibutan, at wala na kayong sapat na pagkahilig sa Salita ng Diyos. Ngayon, sinabi 'yun ng Biblia. Yun ang sinabi ng Biblia. Hindi ako 'yun, hayan nga, ang Biblia 'yun!

167 Oh, sex appeal daw! Sabi sa akin ng isang ginang di pa katagalan, noong sinasabi ko sa kanila ang tungkol sa pagsusuot ng shorts, sabi, "Ako—ako naman ay nagpapantalon."

168 Sabi ko, "Mas masahol 'yan." Ikaw . . . Yun mismo ang sabi ng Biblia. Hindi Siya maaaring mag-iba.

169 Sinasabi n'yo, "Ang Baptist ang ganoon." Ang mga Pentecostal 'yun. Kausap ko *kayo*. Siyanga. Totoo po.

170 Pero anong problema? Anong problema? May nagbaba ng pamantayan sa kung saan. Sinasabi dati ng isang matandang mangangaral kong kaibigan:

> Ibinagsak natin ang ating pamantayan,
> ibinagsak natin ang ating pamantayan,
> Tuloy nakompromiso tayo sa kasalanan.
> Ibinagsak natin ang ating pamantayan, kaya
> mga tupa'y naglabasan
> Papaano nakapasok ang kambing diyan?

171 Anong problema? Haya't ibinaba n'yo ang pamantayan, ang pamantayan ng Salita ng Diyos! Alalahanin n'yo, programa ng Diyos na patatagin ang Kanyang Iglesya sa pamamagitan ng Kanyang Salita, sa pasimula.

172 At noong nangatwiran si Eba at nagsabi, "Buweno, ngayon, hindi ba't makatwiran, maaari naman akong mamuhay nang kasing inam nila na . . . ?" Ah! Yun ang nagbunsod dito.

173 At ’yun na noon pa man ang nagbunsod nito. Yun ang dahilan kung bakit pinagbawalan ang babae na maging isang mangangaral. Kita n’yo, talagang ibinababa nito ang pamantayan. Sa dakong ’yun (ang iglesya) ay nagpasimulang magkaugat, sa Pentecostes, at doon nga nagpasimulang magkaugat. Walang Kasulatan para rito. Kita n’yo? Ngayon, ano ngang gagawin n’yo kung ganoon? Makukuha n’yo ’yung kaparehong kalipunan na mayroon kayo doon sa Eden. Pansinin, ngayon, pagkatapos pagsapit natin sa Salita, magsasabi ka ng tungkol Dito . . .

174 Walang makatitindig laban Doon! Hinahamon ko ang kahit sino na magsabi ng kahit ano. Nangaral ako patungkol sa *Ang Binhi ng Serpiyente*, napakaraming nagalit tungkol dito. Hiniling ko sa ilang tao na lumapit at harapin ako ukol dito. Wala akong nakita sa kanila.

175 Sa Chicago di pa katagalan, mayroon kayo nung mga teyp, akala nila nabitag na nila ako sa isang bagay. Naroon ang buong Greater Ministerial Association of Chicago, Sina Kapatid na (Ano nga uli?) Tommy Hicks, si Kapatid na Carlson ay naroon din. At dalawang gabi bago ’yun, ginising ako ng Panginoon nung gabi, sabi, “Tumayo ka sa may bintanang ’yun.” Pumunta ako, at bumabagyo noon. Sabi Niya, “Ngayon may inihanda silang bitag laban sa’yo.” Sabi Niya, “Sa agahan na ito, huwag kang matakot. Pumunta ka, sasamahan Kita.” Ngayon, sa Pangalan ito ng Panginoon. Puwede n’yo silang tanungin at alamin kung totoo. Nasa mga teyp ito, na sinabi na bago pa man mangyari: Sabi, “Ngayon, huwag kang matakot na pumunta, kundi pumunta ka’t tumayo,” sabi, “sasamahan Kita.”

176 At kinabukasan nun ay nakipagkita ako kay Kapatid na Carlson, ang pangulo ng sangay roon, at kay Tommy Hicks. At sinabi Niya sa akin na magkikita raw kami at pupunta kami sa isang lugar na tinatawag na “Town and Country” para magalmusal. Naupo ako roon mismo. Sabi ko, “Kapatid na Hicks, isa kang doktor ng dibinidad at makikipagkita tayo sa isang malaking grupo ng mga ministro rito, ang kanilang asosasyon ng Chicago, bakit hindi ikaw ang pumunta at magsalita para sa akin? Marami na akong nagawang bagay para sa iyo.” Sinusubukan ko lang siya.

Sabi niya, “Oh, hindi ko magagawa ’yun, Kapatid na Branham.”

177 Sabi ko, “Buweno, bakit di mo gustong pumunta?” Sabi ko, “Gagawin ko ang anumang bagay para sa iyo, ngayon bakit di mo gawin ang bagay na ’yun para sa akin?”

178 Sabi niya, “Oh, hindi ko magagawa ’yun, Kapatid na Branham. Hindi nila mapapahintulutan ’yun.”

Sabi ni Kapatid na Carlson, “Hindi, hindi nga nila ’yun mapahintulutan.”

179 Sabi ko, "Alam mo 'yan kung bakit." Sabi ko, "Hayaan n'yong may sabihin ako sa inyo, dahil kayo, pareho kayo, alam n'yo na mayroon silang inihandang pambitag na tanong para sa akin." At sabi ko, "Nakuha n'yo." Ngayon, nakateyp po ito. Kung gusto n'yo 'yung teyp, maaari nating makuha ito. At kilala n'yo ang lahat ng mga kalalakihang ito. Kaya sabi ko, "Noong gabi bago nitong nakaraan, nakakita ako ng isang pangitain na mauupo tayo rito ngayong umaga at tatanggihan ito ni Tommy." Sabi ko, "Ngayon masdan n'yo, kayo'y. . .nagrenta na kayo ng silid sa hotel na 'yun."

"Oo."

"Nabayaran na ang renta nito."

"Oo," si Kapatid na Carlson.

180 "Pero hindi kayo matutuloy na magdaos dun. Siyanga't GANITO ANG SABI NG PANGINOON!"

"Bakit?"

181 "Pupunta kayo sa iba pang lugar. Isa kasi 'yung—isa kasi 'yung berdeng silid; ang tutuluyan natin ay kulay-kapeng silid. Paroroon ako sa sulok; mauupo si Doktor Mead sa kanan ko; at 'yung matandang itim na ministro at ang kanyang maybahay ay mauupo naman dito sa kaliwa ko," sadyang kung paano ang magiging pagkakaayos. At sabi ko, "Magmasid kayo ngayon, mag-antabay kayo mismo. Nasaksihan n'yo nang pinagaling ng Diyos ang mga maysakit, pagmasdan n'yo Siya sa pakikipagbaka minsan pa!" Sabi ko, "Siya'y dakila, kahanga-hanga." Sabi ko, "Siyanga't pagmasdan n'yo lang ang mga tanong at tingnan n'yo kung gaano 'yung katahimik."

At pagdating namin doon noong umagang 'yun. . .

182 Kung gusto n'yo 'yung teyp. . .Jim, nasa iyo ito, hindi ba't nakapagdala ka? Heto mismo, heto mismo, puwede n'yong makuha ang teyp kung gusto n'yo, sa pagtitipon.

183 Sabi ko, "Ano ba ang kontra n'yo sa akin? Ano bang nangyayari sa inyo mga kapatid?"

184 Sabi ni Kapatid na Carlson, "Buweno, sinabi ni Kapatid na Branham sa akin dalawang araw na ang nakalipas na magkakaroon tayo. . ." At hindi nga nila nakuha 'yung gusali, kinansela nila ito. Hindi nila ito maaaring ibigay sa kanila dahil nakuha na pala 'yun ng isang grupo ng musiko at hindi nila alam na mayroon na pala silang deposito ukol dito, kaya naman kinailangan nilang kanselahin 'yung Business Men. At narinig n'yo na marahil 'yung mensahe nito, narito si Kapatid na Williams, at narito, rin. At—at—at ang sabi niya, "Sinabi sa akin ni Kapatid na Branham nang eksakto kung saan mauupo ang bawat tao, at sinabi sa akin nang eksakto kung ano ang mangyayari." Sabi, "Isang bagay," sabi, "ako. . .marahil marami sa atin ang di sumasang-ayon kay Kapatid na Branham sa

kanyang Mensahe, pero," sabi, "kinakailangan nating aminin ang isang bagay, hindi siya natatakot na sabihin Ito," kaya—kaya pagkatapos ang sabi, "walang takot na kamit Ito." Sabi, "Ngayon, heto na, Kapatid na Branham."

185 Sabi ko, "Ngayon, bago tayo magsimula, nais kong kung may isa man sa inyo, ukol sa bagay na sinabi ko, maaari niyang kunin ang Bibliang 'yan at tumayo rito sa tabi ko." At 'yun ang pinakatahimik na grupong narinig mo kailanman. Sabi ko, "Kung ganoon, kung hindi n'yo ito masuportahan, kung ganoon hayaan n'yo na lang ako! Oo. Mga kapatid, narito ako para makipagtulungan sa inyo, pero kailangan nating bumalik sa mga katotohanan ng Biblia."

186 Sabi, "Bakit hindi—bakit hindi mo lubayan sila na mga kababaihan? Oh, siyanga, isa kang . . . pinaniniwalaan ka ng mga tao na isa kang—isa kang tagakita ng Diyos."

Sabi ko, "Hindi ko kailanman sinabi 'yun."

187 Sabi niya, "Pero 'yun ang pinaniniwalaan ng mga tao." Sabi, "Bakit di mo—di mo na lang lubayan sila na mga kababaihan?" Sabi, "At tigilan mo na ang pagsasabi sa kanila tungkol sa paraan nila ng pananamit at pagpuputol ng kanilang buhok at mga bagay na dapat nilang gamitin. Bakit di mo sila lubayan? Bakit hindi mo sila turuan kung paano makatanggap ng mga kaloob at—at gumawa ng bagay para sa ikaluluwalhati ng Diyos?"

188 Sabi ko, "Paano ko matuturuan sila ng algebra gayong ni ayaw nilang matutunan ang kanilang ABC?" Siyanga. Kinakailangan n'yong bumalik sa simulaing pundasyon.

Diyos, kahabagan Mo kami ngayon. Siyanga, po.

189 Narito na tayo, sa huling panahon! Nakasindi na ang pulang ilaw, kumikislap! Ang pagdating ng Panginoon ay malapit na. Siyanga, po. Makinig kayo! Kinakailangang makatagpo ng Mensahe sa huling panahon ang mga kalagayan sa huling panahon. Kung saan sila nalihis, dapat itong ibalik ng Mensahe. Sa tuwina, nakakatagpo ng Mensahe sa huling panahon ang mga kalagayan sa huling panahon. Sa buong Kasulatan mismo. Tiyak na ibubunsod nito sa panahong ito, isang pagtawag pabalik sa orihinal na Salita. Oh, grabe! Katulad ng ginawa ng ibang mensahero sa kanilang panahon, kinakailangan maging ganoon din sa Mensaheng ito. Ipinangako 'yun sa atin! Ipinangako ito ng Diyos sa Kanyang Salita! Malakias 4, haya't nagsabi na mangyayari ito, "At ipanunumbalik ang Pananampalataya ng mga anak sa mga magulang." Ipinangako ito, at nabubuhay na tayo sa panahong 'yun!

190 Oh, noon pa man, sa bawat pagkakataon, isang grupo ng mga namumuno ang nagpapalito sa mga tao. Hindi 'yung mga tao sa ganang sarili nila; kundi 'yung mga namumuno ang nagpapalito sa kanila. Ngayon ating . . .

Sasabihin n'yo, "Oh, Kapatid na Branham!"

191 Buweno, ngayon, sandali lang po, kailangan natin itong ibatay sa Kasulatan. Kung hindi ito ang Kasulatan, kung ganoon wala itong kabuluhan. Sa pamamagitan ng kanilang mga salita ng karunungan, sa kanilang di-kinasihang pamumuno, mga salita ng makamundong karunungan, kanilang. . .Aba, kung ang ilan sa mga henyong 'yun ay magagawang ilatag 'yun nang lakip-lakip, hayan nga't sa tingin n'yo ba hindi rin henyo si Satanas ukol dito, siyanga? Hindi ba't kanyang, buweno, nilapitan si Jesus Cristo at nangatwiran sa Kanya, at sinipi pa nga ang Kasulatan sa Kanya? Ginawa niya 'yun! Henyo siya rito. Pero hindi nakipagtalo kailanman si Jesus sa kanya, sabi Niya, "Nasusulat, din naman! Layuan mo Ako, Satanas." Oo, di-kinasihang pangunguna.

192 Tingnan n'yo si Core, noong mga araw nung ipinadala ng Diyos si Moises kalakip ang mensahe, at inisip nina Core at Dathan, lumapit kay Moises, at sinabi, "Ngayon, sandali lang, masyadong marami ka nang inaako sa iyong sarili! Akala mo ikaw lang ang bato sa dalampasigan; ang pato sa lusak, na ikaw lang ang nag-iisa. Ipapabatid ko sa'yo may iba pang mga tao na banal, din naman!" Hindi sinabi ni Moises na hindi sila banal. Pero mayroong atas sa kanya, na kailangan niyang tupdin. At nag-organisa sila ng isang grupo at lumaban kay Moises.

193 At sinabi ng Diyos sa kanya, "Tumayo ka roon sa may pintuan." Nasa kamay ng mga taong 'yun ang suuban, at alam n'yo kung ano ang magagawa ng suuban na 'yun. Binuksan ng Diyos ang lupa't nilamon sila. At mayroon silang apoy mula sa dambana, na 'yun. Sa kabila ay mayroon silang apoy sa suuban, gaano man itong kapundamental, bigo sila na mapagkilala ang mensahe.

194 Sinabi ng Diyos, "Ipinapadala Kita, Moises, doon upang gawin ito. Dalhin mo sila sa dako rito."

195 Nakita n'yo, bigo silang mapagkilala ito. Si Moises ay "masyadong mahigpit" sa kanila. Tulad ni Elias, sa Paaralan ng mga Propeta, "masyadong mahigpit," nanatili talaga sa Salita.

196 Yan ang dahilan kung bakit kayo na mga Pentecostal, ay kinailangang ihiwalay ang inyong sarili sa iba pa sa sanlibutan, maghigpit sa Salita. Huwag kayong unti-unting bumalik sa mismong bagay na nilabasan n'yo, na matatangay kayo! Huwag n'yong putulin ang inyong angkla mula sa Kalbaryo. Manghawakan kayo sa Salita ng Diyos, dahil "Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya," manatili kayo kasama Nito.

197 Ngayon, si Dathan at sila'y inakala nila. . .na maaaring may iba pang lalaki. Kita n'yo, katalinuhan 'yun ng tao na sinisikap ipuslit ang kanilang mga ideya papasok sa plano ng Diyos. Magaling ang isang 'yun. Ang katalinuhan ng tao na

sinusubukang ipuslit ang kanilang mga ideya papasok sa Salita ng Diyos. Hindi 'yun uubra! Hindi 'yun uubra. Hindi kailanman 'yun umubra at hindi kailanman 'yun uubra.

198 Tingnan n'yo si Jesus noong nakatayo Siya roon, sinabi, "Sino sa inyo ang makakahatol sa Akin ukol sa kasalanan? Sino sa inyo ang makapagpapakita na hindi Ko ginawa ang eksaktong sinabi ng mga Kasulatan na gagawin Ko? Inaangkin Ko na Ako ang Mesiyas. At kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung gayon ay huwag, huwag kayong sumampalataya sa Akin. Subalit kung ginagawa Ko ang mga gawa at hindi n'yo Ako masampalatayanan, sampalatayanan ninyo ang mga gawa na Aking ginagawa, ang mga 'yun ang nagpapatotoo tungkol sa Akin." Mismo. At hindi nila masampalatayanan ito, ang gusto nila'y sarili nilang mga kaparaanan.

199 Maaaring di nila sinasadyang gawin ito at maging mali. Di nila sinasadyang. . .Hindi ako naniniwalang sinasadya ng tao na gawin ang ganoon. Nakakakita ako ng mabubuting tao roon sa malalaking iglesyang denominasyon. Nakakakita ako ng mabuting tao. Pero ito'y gaya ng sinabi nung abogado sa radyo, sa pagpunta ko rito, "Ang kakatwang bagay, ay kung papaanong ang mga ministro'y nakatatayo sa pulpito, at nakikita namang dumarating na ang mga bagay na ito, at ni di man lang mapukaw ang kanilang matuwid na pagkagalit, ukol sa mga kasalanan ng sanlibutan!" At abogado pa ang kinailangang tumayo at para sabihin 'yun! "At kung papaanong ginugugol ng mga karaniwang miyembro ang kanilang salapi sa kung anu-anong mga zoo at mga liwasan, at mga bagay-bagay, at hindi itinataguyod ang programa ng mga misyunero, para madala sa buong mundo ang Ebanghelyo."

200 Samantalang hayan ang mga gutom na misyunero, walang sapatos sa kanilang mga paa. . .Hallelujah. Walang denominasyon na susuporta sa kanila, dahil, sa kanilang paninindigan sa Salita ng Diyos. Walang sumusuporta sa kanila. Kung ikuha mo naman sila ng susuporta sa kanila sa dako roon, tapos ano na ang magiging dala-dala nila? Sangkaterbang dogma. Ang isang tunay, na totoong misyunero, na nilalakipan ng mga tanda, ay kinakailangang umasa pa sa isang tagapaglaba para makapag-ipon sila ng mangilan-ngilang sentimo. Pansinin, hayan nga.

201 Maaaring hindi nga nila sinasadyang gawin. . .Sige, pero anong problema sa kanila? Bulag sila. Sinabi mismo ni Jesus. Alalahanin, alalahanin n'yo, sinabi ni Jesus ang ganoon ding bagay. At para bang, sa panahong ito. . .

202 Ngayon pakinggan n'yo, sana'y hindi mapagpuna ang dating ko. Kapag gumagawa ka ng isang katotohanan siyanga't sa palagay ko hindi—hindi 'yun pamimintas. Sinisikap ko lang na. . .Iniibig ko—iniibig ko. . .At kung di n'yo. . .Marubdob nga

ang aking—aking damdamin para sa Iglesya. Ito, sila marahil ay iglesya ng Assembly of God, o kung ano, o—o hindi ko—hindi ko alam kung ano. Ano. . .Hindi 'yun mahalaga sa akin. Isa itong iglesya ng Diyos. Ito nga ito, naniniwala ako, isang iglesya ng Diyos. Buweno, ngayon, lahat tayo'y dapat maging ganoon, hindi makadenominasyong iglesya ng Diyos, kundi dapat tayong maging mga Cristiano sa puso. Ang Iglesya ng Diyos ay nananahan sa loob ng mga pader, hindi sa pangalan, at iba pa.

203 Ngayon, sobra-sobra na rito sa panahong ito, na ang pagiging miyembro na lang ang mahalaga sa mga tao. Ngayon, tingnan n'yo ang Baptist na nagtatamasa ng rebaybal. Oh, nagkaroon sila ng isa. Nagkaroon sila ng slogan noong '44, "Isang milyon pa sa '44." Ipinalaganap ang mga mensahe ni Billy Graham. Siyanga't, tunay naman, nagbunsod ito ng isang dakilang bagay. Ang mga Methodist, mga Baptist, Presbyterian, naging isang dakilang bagay ito, pero anong nakamit natin?

204 Sinabi ni Jesus sa mga Fariseo, "Kayong mga bulag na taga-akay ng bulag. Nililibot n'yo ang mga dagat para makahikayat ng makumberte, at ginagawa n'yo siyang makadalawang-ibayo pang anak ng impyerno kaysa noong nagsimula siya." At ganoon ang mayroon tayo ngayon.

205 Si Billy Graham, noong dumalo ako sa kanyang agahan sa Louisville, Kentucky, umakyat siya dun, na may mariing kahigpitan kung paano nga ang ebanghelista, sabi niya, "Pumupunta ako. . .sabi raw ni Pablo. . .Narito ang halimbawa." Sabi, "Pumasok si Pablo sa isang siyudad at may isang napagbagong-loob, bumalik siya makalipas ang isang taon at nagkaroon na ng tatlumpu mula sa isang 'yun." Sabi, "Pumupunta rin ako sa siyudad at mapapasampalataya ang tatlumpung libo, at pagbalik ko sa loob ng isang taon at ni hindi nga ako makakita ng tatlumpu." Sabi niya, "Anong problema?" At hinangaan ko nga ang pamamaraan ng ebanghelistang ito. Itinuro niya ang daliri niya roon, halos tatlongdaang lalaki ang nakaupo roon, sabi niya, "Kayo na grupo ng mga tamad na mangangaral ang dahilan." Sabi niya, "Umuupo lang kayo sa opisina na nakataas pa ang mga paa sa lamesa, at tatawagan ang isang tao sa telepono, at ipapakiusap sa kanya na pumunta at—at umanib sa iglesya n'yo. Dapat n'yong dalawin siya."

206 Naupo ako roon, sa isip-isip ko, "(Oh Diyos!) Alam mo, Ebanghelista Billy, isa kang dakilang tao. Ako'y isang—ako nga'y isang mangmang. Pero hayaan mong tanungin kita." Sana nagawa kong bumaling at sinabi sana ito; pero ako—ako—ako nga'y hanga sa kapatid na ito, sa tingin ko isa siyang lingkod ng Diyos. Pero gusto ko sanang sabihin ito, "Kung ganoon, Billy, anong uri ng mangangaral ang mayroon si Pablo noon para subaybayan 'yung isa niya?" Anong nangyari? Hindi lang ipinataas ni Pablo ang kamay nung isa na 'yun para bumuo ng

pagpapasya, dinala niya ito hanggang sa bautismo ng Espiritu Santo, pinag-alab ang kaluluwa niya, at ang isang 'yun ay di na matahimik.

207 Yan ang problema ngayon, pagpapamiyembro na lang. Oo. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]. . .miyembro-miyembro, malaking bilang ng miyembro, malaking mga klase ng Sunday school, nagpapapremyo para sa isang tao na makapanghihikayat at makapagdadala ng iba mula sa ibang iglesya, kung sino ang may pinakamaraming mahihikayat. Alam n'yo, 'yun ay ismong Fariseo! At pagkatapos ipagyayabang ang tungkol dito, "Dinaig namin sila noong nakaraang Linggo." Kapag humantong na kayo sa isang punto kung saan binubunsod n'yo ang iglesya ng Diyos sa isang mala-bubuwit na paunahan, kung ganoon ay oras na para ipinid ang mga pintuan at umuwi na.

208 Ang Iglesya ng Diyos ay isang buhay na artikulo ng Diyos sa lupa, na ipinapahayag si Jesus Cristo. Alam kong hindi Ito sikat, hindi n'yo maaasahan na magkagayon. Ang inaasahan natin ay maging tama tayo.

209 Ipagmamalaki pa ang tungkol dito. . .Pero, alam n'yo ba, hindi nakaapekto ang malalaking ingay kay propeta Elias. Narinig niyang dumaan ang apoy at usok, at ang pagkulog at pagkidlat, at ang dugo at langis, at lahat na ng iba pa, haya't hindi siya nito naligalig. Alam n'yo, palaging naghahanap ang Amerika ng kung anong malaking bagay na may maraming ingay. Pero ang Diyos ay "isang marahang bulong na Tinig" na pumupukaw sa pansin ng propeta.

210 Alam n'yo, may isang kariton na minsa'y pinadaan doon sa bukid, at ito'y kumakaldag-kaldag, gumagawa ng maraming ingay noong pinadaan ito sa bukid. At pagbalik nito, dumaan ito sa ganoon ding mga bako at wala ni katiting mang ingay, nakargahan na kasi ito ng mabubuting bagay. Kita n'yo? Oo.

211 Ngunit isinasandig natin ang ating karanasan sa kung anu-anong samot-saring ingay. Papaanong nagagawa natin 'yun? Papaanong nagagawa natin ang mga bagay na 'yun na ganoon? Oh, grabe! At pagtakapos ay ipupuslit natin papasok ang panghahalina ng Hollywood, magpapatayo ng babae sa pulpito, na ang suot ay sikip na sikip at mapang-akit tingnan, nagsasayaw raw sa espiritu. Hindi ko na alam kung anong uri 'yun ng espiritu!

212 Hindi ko ibig na maging mapagpuna ngayon, ako—ako'y—ako'y. . .Mahal ko—mahal ko kayo. Kung hindi, hayan nga't hahatulan ako ng Diyos kung mayroon akong iba pang pakay kaysa roon. Kita n'yo?

213 Pero nauunawaan n'yo, kita n'yo. Doon na napadpad ang mga Pentecostal. "Mas marami ang mayroon kami kaysa sa kapatid na 'yun doon sa kanto." Oh! "Mas marami ang sa amin kaysa sa Assemblies, dahil kami ang Oneness, o kami ang mga

Trinitarian, at kami ang. . .” oh, *ganito*, *ganoon*, o ang *iba pa*, lahat—lahat ng iba pang tatak na mayroon sila, kita n’yo. Oh, kapatid, hindi *ganoon* ang halaga nun sa Diyos. Nakikipag-ugnayan Siya sa indibiduwal. Tama.

214 Pansinin, malalaking ingay, pero hindi nito nakuha ang pansin ng propeta. Walang pakialam ang propeta sa malalaking ingay. Pero noong marinig niya ’yung marahang bulong na Tinig, napagkilala niya na ’yun ang Salita, tinalukbungan niya ang kanyang mukha’t lumabas.

215 Alam n’yo, kayang humigop ng araw ng mas maraming tubig sa loob ng labinlimang minuto, nang walang kaingay-ingay man lang, at tayo. . .mas maraming ing-. . .at mas marami pa tayong ingay na nagagawa sa pag-iigib ng isang galong tubig kaysa sa nagagawa ng araw na sanmilyong bariles. Siyanga. Palagi tayong naghahanap ng isang bagay na may malaki’t maraming “hurrah,” at maraming ingay. Tapos pagdating sa katotohanan ng pagtanggap sa Salita, hayan nga’t heto na. Kita n’yo? Lalapit, at sasabihin nila, “Buweno, purihin ang Diyos, sinasabi ko sa iyo. . .”

216 May nakatagpo akong isang lalaki dito di pa katagalan. . . Hindi ko sinasabi ito para magwalang-pitagan, patawarin n’yo sana ako kung ako’y. . .kung ang iniisip ko’y tila ba pagwawalang-pitagan. Nasa isang pagtitipon ako sa isang tolda at, ’yung ministro, dinala ng isang Pentecostal na ministro ang kanyang asawa para tumugtog ng piyano. At noong ipinakilala niya ako sa asawa niya, sa totoo lang, muntik na akong himatayin. Yung babae po’y may talagang maiksing buhok, nakakulot, at may napakabigat, na malalaking hikaw siya, at sapat na manikyur sa mga labi niya, o kung ano man ’yung bagay na ’yun, de kolorete ang mga kuko. Mukha siyang isang. . . Kakila-kilabot ang itsura nun; malaki’t, naghahabaang mga kuko, at parang ganoon. At seksi ang itsura; maliit, na katiting, na maiksing damit ang suot, di man lang niya ito mainat hanggang sa ibabaw ng kanyang tuhod sa tuwing mauupo siya. Buweno, tumayo ako roon nang saglit, at sabi ko, “Kapatid, masasaktan ko ba ang damdamin mo kung may sasabihin ako?”

217 Sabi niya, “Naku, tiyak na hindi.” Mabait na lalaki, at ang asawa’y mukhang mabait din naman na babae.

Sabi ko, “Sinasabi mo bang banal ang asawa mo?”

Sabi, “Oo naman.”

218 Sabi ko, “Paumanhin sa kataga, pero mukha siyang isang ‘hain’t’ para sa akin,” Sabi ko, alam n’yo na, “o bagay na parang ganoon.” Sabi ko. . .

219 Sabi niya, “Anong ibig mong sabihin, Kapatid na Branham?” “Oh,” sabi niya, “kumbaga sa eskuwelahan ikaw pala’y makaluma.”

220 Sabi ko, "Kung sa eskuwelahan ako'y sa Kasulatan. Siyanga, sa eskuwelahan ng Kasulatan." Hindi ako naniniwalang ang isang banal ay aakto nang gaya nun, hindi ko matatanggap, yamang sinasaway ito ng Biblia. Kita n'yo?

221 Buweno, parang, sa tuwina, ang lahat na lang ng naririnig natin, "nakakalap sila ng apatnapung pagpapasya," "apatnapu't apat na pagpapasya," "mayroon kaming tatlongdaang pagpapasya." Buweno, pagpapahayag 'yun. Ang mga *pagpapahayag* ay "mga bato." Siyanga, dahil si Pedro, sa kanyang pagpapahayag, ay tinawag na "bato, maliit na bato." Si Pedro, ang kanyang pagpapahayag. Ngayon, ayos naman ang mga bato, pero anong mabuti o ano ang halaga ng isang bato sa isang gusali kung wala namang isang tunay na tagatabas ng bato roon na may hawak na matalim na kasangkapan ng Salita para tabasin sila't gawin silang mga anak ng Diyos? Kita n'yo? Ano ang halaga ng isang pagpapahayag?

222 Yun ang dahilan kung bakit sa pagbalik mo haya't hindi ka makasusumpong ng tatlumpu mula sa tatlumpung libo. Animo'y pinagugulong mo lang ang mga bato mula sa alikabok, at pinagugulong ang mga 'yun doon, at di pa sila nakasukat para sa templo. Kinakailangang matabasan ang mga 'yun, sumukat sa Salita ng Diyos, mailagay roon, mapaglakip-lakip, maitayo sa pundasyon ng Turo't Aral ng mga alagad, na si Jesus Cristo ang Batong Panulok. At sabi Niya, "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman niya." Siyanga.

223 Papaanong tayo ang maituturing na Iglesya gayong namumuhi tayo sa isa't isa? Sabi Niya, "Makikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay Aking mga alagad, kapag kayo'y may pag-ibig para sa isa't isa." Pero haya't nanghihikayat tayo ng miyembro ng iba at nagkakawatak-watak, at dahil sa makadenominasyong pagkakaiba. . . Hindi ko ito sinisisi sa mga tao, sinisisi ko ito sa denominasyon. Siyanga. Hindi sa mga tao sa anumang paraan. Kita n'yo? Oh, napakasama nito, gayunman ako. . .

224 Kailangan hawak n'yo 'yung matalim na kasangkapang ito, ang Salita ng Diyos, para makortehan sila na maging mga anak ukol sa Gusali. Oh, grabe! Ang panalangin ko'y, "Diyos, bilisan Mo na po ang Malakias 4. Ibigay Mo sa amin ang Mensahe sa mga huling araw. Bigyan Mo kami ng isang tao, magpadala Ka ng bagay na magliligtas sa iglesyang Pentecostal na ito."

225 Anong uri ng mensahero ang ipapadala sa atin ng Diyos para sa mga huling araw na ito? Sasabihin ko ito sa inyo, kapatid kong lalaki, kapatid na babae, bilang kapatid n'yo at kapwa lingkod na naghihintay para sa oras na 'yun, siya'y magiging parehong uri ng mensahero na dumating sa iba pang panahon. Parehong uri! Ibabalik niya ang iglesya sa Salita. Diyos, hayaan Mo pong

mailatag namin ang pundasyon para rito bago ito dumating dito. Bago siya dumating, ay makapaglagay na tayo ng pundasyon at tayo'y maging mga bato, na tinabas, nakahandang tumayo nang balikat sa balikat kasama niya kapag ipinadala na siya ng Diyos, dahil nangako Siyang gagawin Niya ito.

226 Ngayon, alam ko, nararamdaman ko 'yun na bumabalik. At, alalahanin n'yo, sa pamamagitan ng isang munting kaloob ay nahahagip ko ang pagtalos sa espiritu, kita n'yo. Ngayon, pinagkukunutan n'yo 'yun, noong sabihin ko Malakias 4. Pero hayaan n'yong may sabihin ako sa inyo. Sasabihin n'yo, "Sabi ni Jesus, 'Kung kaya n'yong tanggapin ito, ito ang Elias na ipinangusap.'"

227 Pero kung nakikita n'yo ang sinabi Niya sa—sa—sa San Mateo, sa ika-11 kabanata at sa ika-6 na talata, "Kung makakaya n'yong tanggapin, ito siya na ipinangusap, at ang sabi, 'Ipinapadala Ko ang Aking sugo na mauuna sa Akin.'" Si Malakias 3 'yun, hindi si Malakias 4.

228 Dahil, sa Malakias 4, ang sabi Niya, "Bago dumating ang araw na ito, susunugin ang lupa at ang mga tao ay lalakad dito; masusunog na parang dayami." Siyanga. Sinasabi Niya noon ang tungkol sa mensahero na mauuna sa Kanya, na isang Elias, na sinasabi . . .

229 Hindi ako—hindi ako naniniwala sa lahat ng bagay rito na napapabalita ngayon tungkol sa balabal daw ni Elias at lahat na ng ganoong bagay. Ako . . . Ang lahat nga ng mga peke'y tiyak na darating, siyanga, para maging kasiraan nung tunay na bagay kapag dumating na ito. Pero, hayaan n'yong sabihin ko sa inyo, babangon ang isang mensahero sa dulo ng kapanahunang ito ng Pentecostal at wawakasan ang naturang bagay. Ito'y magiging isang tao. Hindi isang grupo, hindi isang denominasyon; kundi isang tao. Noon pa man ay ganoon na, at hindi maaaring baguhin ng Diyos ang Kanyang programa, Siya ang Diyos na Walang Hanggan.

230 Tandaan n'yo, kung ang mensaherong 'yun (si Juan) ay mensahero ng Malakias 4, kung ganoon ay nabigo ang mga Kasulatan, dahil ang sabi Nito, "Ang mangyayari'y . . . susunugin ang lupa na gaya ng dayami, at lalakaran ng mga matuwid ang abo ng masasama." Kaya basahin n'yo Ito, at tingnan n'yo kung hindi ba't tama 'yun. Kita n'yo? Pero di kailanman 'yun sinabi ni Jesus, ang tinukoy Niya ay 'yung Malakias 3, "Ipinapadala Ko ang Aking sugo na mauuna sa Akin, upang maghanda ng daan para sa Akin." Ganoon nga mismo.

231 Ngayon, pero tandaan n'yo, ang isang ito ay para papanumbalikin ang pananampalataya ng mga anak sa mga magulang, papanumbalikin ang pananampalataya ng mga anak sa Pananampalataya ng mga magulang, sa orihinal na Biblia.

232 Ganoon mismo ang ginawa ni Moises. Ganoon mismo ang ginawa ni Jesus. Ganoon mismo ang ginawa ng bawat mensahero sa buong Biblia, sa pagtatapos ng panahon nung dispensasyon na ’yun, ipinanumbalik nila ang mensahe. Ang mga tao kasi, dahil sa mga organisasyon at mga bagay-bagay, ay puno ng kalituhan at lahat na, noong mga araw na ’yun.

233 Ganoon din ang ginawa nila sa panahong ito! Kaya naghihintay tayo para sa isang mensahero. (Diyos, ipadala Mo po siya!) Sa tingin n’yo ba tatanggapin natin siya? Hindi, po! Siya’y magiging “isang kakatwa’t isang panatiko,” tunay nga, pero patototohanan siya ng Diyos. Ang tunay na mananampalataya, sila na mga itinalaga sa Buhay na Walang Hanggan, sabi ni Jesus, “Ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit, at walang sinuman ang makalalapit maliban na ilapit siya ng Aking Ama. At ang lahat ng ibinigay” (nakaraan na) “ibinigay sa Akin ng Ama, sila’y lalapit.” Siyanga, sila nga . . .

234 Hindi ako naniniwala rito sa turong ito ng Baptist ukol sa—ukol sa Walang Hanggang seguridad. Naniniwala ako rito sa isang paraan, pero naniniwala akong may seguridad ka hangga’t nasa Iglesya ka. Pero kung lalabas ka sa . . . mula sa ilalim ng Dugo ni Jesus Cristo, wala kang seguridad. May seguridad ako laban sa ulan hangga’t narito ako sa loob.

235 At kapag nabautismuhan ka sa Espiritu Santo at *sasabihin* na nasa iyo na ang Espiritu Santo, at pagkatapos tatanggihan mo ang Salita ng Diyos? *Sasabihin* na naniwala ka at natanggap na ang Espiritu Santo, at pagkatapos itatanggi mo na ang Salita ay totoo? Kung ganoon paanong magiging ang Espiritu Santo ’yun gayong Siya Yaong sumulat ng Biblia? Itatanggi ba ng Espiritu Santo ang Sarili Niyang Salita, na sasabihin, “Ako’y—Ako’y mali, tama ka”? Hindi, hindi ganoon ang Diyos. Hindi, po.

236 Matalim na Tabak! (Panginoon, padalhan Mo kami ng isang dakilang Mensahe.) Yun ang hinahanap natin. Pagkatapos, hayan nga, kapag pupunta siya para ayusin ang mga batong ’yun at tabasan ang mga ’yun para sa gusali, anong mangyayari? Marami sa mga ’yun ang di makakayanan ang pagsubok ng Salita. Mas mahalin nila ang kanilang organisasyon kaysa sa mahal nila ang Salita ng Diyos, kahit na ang Salitang ’yun ay patotohanan pa ng taong ’yun. Siya’y propeta na darating sa Pangalan ng Panginoon, at siya’y darating sa lupa. Naniniwala ako rito.

Oh, sasabihin ng lahat, “Ito’y magiging grupo ng mga tao.”

237 Gusto kong may taong ipapakita sa akin sa Biblia kung saang grupo ito ng mga tao; siyanga’t babaliin ng Diyos ang Sarili Niyang Salita, hindi Niya maaaring gawin ’yun. Hindi, po. Ipinangako Niya ito. Ito’y isang tao lang talaga. At pagkatapos may ilan nga siya na makakasama, tunay nga, libo-

libo, makakasama Niya ang buong mananampalataya ng Iglesya, sa lahat ng dako.

238 Kung paano noong panahon ni Noe, hindi gaanong marami ang maliligtas sa kanila, dahil sinabi ni Jesus, "Kung paano ang nangyari sa mga araw ni Noe." Alam n'yo ba 'yun? "Kung paano ang nangyari sa mga araw ni Lot," (bilangin n'yo sila) "ay gayundin naman."

239 "Ang langit at lupa ay lilipas, datapwat ang Aking Salita ay hindi lilipas." Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Oh, kapatid, maiging mag-imbentaryo tayo, baka nga talagang huli na kaysa sa inaakala natin. Baka magising tayo isang araw at makita na may nakaligtaan tayo. Maging maingat! Magbantay, manalangin, magsaliksik, maghanap, huwag n'yo Itong hahayaang makalampas sa inyo. At, tandaan n'yo, kapag ipinangaral ang Salita ng Diyos, obligado ang Diyos sa Salitang 'yun at Ito'y patototohanan.

240 Alam n'yo ba ang sinabi Niya roon, ano bang nangyari sa panahon ni Lot? Sabi Niya, "Kung paano ang nangyari sa mga araw ni Lot." Ano bang nangyari dun bago bumagsak ang apoy? Ano ba ang mangyayari muli bago babagsak ang apoy, anong klase ng mensahe ang matatanggap ng Iglesya? Hindi ang Sodoma nga, ang hinirang na Iglesya. Tatlo nga sa tuwina: naroon ang mga taga-Sodoma; at naroon si Lot at ang kanyang grupo, ang pormal na iglesya; naroon si Abraham, ang Hinirang. Lahat silang tatlo ay may mensahe, oo, sa pamamagitan ng iba't ibang mensahero. Masdan n'yo kung anong uri ang pumunta sa hinirang na Iglesya, kung anong ginawa Niya kay Abraham. Sabi ni Jesus, "Gayundin ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao." Ngayon, hindi natin 'yun maitatanggi, ganoon mismo ang sinabi ni Jesus. Kaya, magiging ganoon mismo ito.

241 Ngayon, marami. . .noong dumating si Jesus at dinala ang pagsubok at nagsabi, "Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan, sapagkat iniisip ninyo na sa mga 'yun ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, at ang mga 'yun ang nagpapatotoo tungkol sa Akin," kaya ba nilang tindigan ang pagsubok? Hindi. At alam ninuman, na ang lahat ng pagpapahayag ng mga bato na di makakayanan ang pagsubok ng Salita ay itatapon sa bunton. Nagkabitak, sinira ng tubig, hindi nito makakayanan ang pagsubok. Oh, naku, pagkatapos ipapadala sa bunton ng basura! Sa tuwina'y pinahahalagahan ng Diyos ang katangian sa halip na dami.

242 Magsasara na po ako. Pasensya na kung napanatili ko kayo nang ganitong katagal, hindi ko intensyon na gawin ito. Bigyan n'yo lang ako ng isang—isang sandali pa, dalawa, para sabihin ang huling pangungusap na ito, pagkatapos ako'y hihinto na sa isang saglit. Umaasa ako na ako'y—ako'y—ako'y nakapagbahagi

ng bagay na makakatulong sa inyo, kita n'yo, na magbubunsod sa inyo na mag-aral. Kita n'yo?

243 Sa tuwina'y ibinibilang ng Diyos ang katangian, hindi mga miyembro. At sa panahong ito ngayon ay kabaligtaran ang ginagawa natin. Nagbibilang tayo ng mga miyembro, magagara manamit, mahuhusay magbayad, sa halip na katangian. Uh-huh.

244 Nagsumakit si Eliezer, hanggang sa nakahanap siya ng katangian. Siyanga. Sino kaya ang makukuha niya? At nagtiwala siya sa Diyos. Katangian para sa ano? Katangian para kay Isaac, ang nobya, na ang Iglesya'y tipo nito. Alam n'yo 'yun. Yun ang natural na binhi ni Abraham; ito naman ang maharlikang Binhi ni Abraham. Buweno, kung si Eliezer, ang mensahero ay naghahanap ng nobya't ang sinisikap hanapin ay katangian, siyanga't kapag dumating ang taong 'yun, na isang mensahero ng huling araw, na sinisikap hanapin ang Nobya para kay Cristo, hindi siya maghahanap ng makadenominasyong pagmimiyembro. Hahanap siya ng katangian na handa.

245 Masdan n'yo! Mabuting katangian muna, pagkatapos ay ihahanda siya para makatagpo si Isaac. Pagkatapos niyang matagpuan ang katangian, ay pinanatili ito nang matagal-tagal para makinig sa kanyang mensahe tungkol kay Isaac.

246 Yun ang mensahero ng mga huling araw, ang Liwanag sa gabi, na unang-una'y hanapin ang Iglesyang 'yun (saan nila sasampalatayanan ang Mensahe?), hanapin ito. Nababasa n'yo ba kung ano ang sinasabi ko? Hanapin kung nasaan ang Iglesyang 'yun na magpapasok sa inyo, na hindi kayo pagsasaraduhan ng pintuan nang harapan. At kapag nahanap mo na roon, pagkatapos nga'y makahahanap ka ng katangian. At kung mananatili siya nang matagal-tagal para masabihan siya kung paano ang dapat na pananamit ng Nobyang 'yun! Kailangan niyang maramtam. Mamalagi! Kung magagawa niyang. . .

247 Tingnan n'yo ang munting Rebekah na nakikinig sa bawat salita, tumitibok ang munti niyang puso. Siya. . .Sinasabi niya—sinasabi niya sa kanya. Ngayon, nagsumakit ka, "Saan ako pupunta?" hanggang sa mahanap ko 'yung katangian. Pagkatapos kapag natagpuan ko na ang katangian, pagkatapos nga'y pananatilihin siya nang sapat na tagal para maihanda siya na pumunta't makipagkita sa kanya. Oh, grabe, napakatinding bagay! (Sana may kaunti pa tayong oras sa orasan na 'yan.) Maihanda siya; manatili para makinig sa kanyang mensahe tungkol kay Isaac. Hindi nagsasalita si Eliezer patungkol sa kanyang sarili, bagkus nagsasalita siya tungkol doon sa nagpadala sa kanya. At mayroon siyang mga regalo para magpatunay na ipinadala siya mula sa kanya. Amen! Gusto niyang damtan siya ng mga bagay na ito. Alam n'yo kung paano niya siya ginayakan.

248 Kung magagawa ko lamang na ibunsod siya na hugasan ang kanyang mukha! Kita n'yo? Alam n'yo, ako—ako po'y nakaramdam ng pagtutuwid doon, kaya mainam na tumahimik na ako. Ganoon pa man, sapat na ang nasabi ko, alam n'yo na ang ipinapangusap ko. Buweno, makinig, humimpil lamang.

249 Pansinin, ang mensahero ng huling panahon, ang trabaho niya ay ang ihanda ang mga banal, ang Nobya na maihanda para sa Nobyo. Yun ang magiging Mensahe niya. Gusto n'yo bang matutunan ang mga ABC ngayon para sa susunod ay maaari n'yo nang pag-aralan ang algebra? Kapag itong iba pang mga tatak sa likod ay binuksan na siyanga't sa kanila lamang ito ihahayag. Tunay nga. Pag-aralan n'yo muna ang ABC. Ano ba ang *ABC*? "Always Believe Christ," (hindi sa inyong kredo), kay Cristo. Kita n'yo? Sampalatayanan ang sinasabi Niya, hindi kung anong sinasabi ng iba.

250 Kung salungat ito, kung sasabihin sa inyo ng isang tao, "Ayos lang na gupitan n'yo ang buhok n'yo, kababaihan," batid n'yo ngang nagsisinungaling siya. Sinasabi ng Biblia na mali ito. Kung sasabihin niya, "Maaari kang maging diyakono at magkaroon pa rin ng apat o limang asawa," nagsisinungaling siya. Salungat 'yun sa Salita. Kita n'yo? Ang lahat ng iba pang mga bagay na ito na pinag-uusapan natin, idulog n'yo ito sa Salita at tingnan kung ito talaga ang Salita.

251 Dalhin ang iglesya pabalik sa Salita. Ngayon, anong gagawin ng mensaherong ito ng Malakias 4? Ipanunumbalik ang orihinal na Pananampalataya, ang Pananampalataya na bumubuhay na mag-uli. Na, nakita nila si Jesus pagkatapos na Siya'y binuhay mula sa mga patay, nakita Siyang gumagawa sa gitna nila.

252 Sila'y kalalakihan na may kakaunting salita. Humayo sila't ipinangaral ang Salita. Oh, nangaral sila nang mahaba, nangaral si Pablo nang magdamag minsan. Kita n'yo? Nahulog ang isang binatilyo sa labas ng gusali, napatay ang sarili. Dumapa si Pablo sa binatilyo, binuhay siyang muli, kita n'yo. Kita n'yo? Kita n'yo, tapos nagpatuloy sa pangangaral.

253 Ngayon, pansinin n'yo na iba mismo sila kaysa dun sa mga Ph., L.L., Q.U.S.T., at kung ano pa ang gusto n'yong itawag dito, sa panahong ito. Ano? Pinaghihiwalay ang mensahero at. . . O ang Mensahe, pala, nung mensahero, ay maghihiwalay sa mga mananampalataya mula sa mga di-mananampalataya. Lilinya ang ilan sa kanila Dito, at ang ilan ay hindi. Ang ilan sa mga Lutheran. . . Ilan sa mga Katoliko ay luminya kay Luther, ang ilan ay hindi. Ang ilan sa mga Lutheran ay luminya sa Methodist, ang ilan ay hindi. Ang ilan ay luminya sa Pentecostal, at ang ilan ay hindi. Ang ilan ay lilinya sa Liwanag ng gabi, ang ilan ay hindi.

254 Papaano n'yo malalaman kung ito ay Liwanag sa gabi o hindi? Subukin n'yo ito sa pamamagitan ng Salita (hindi sa *isa*

lamang na Salita, *buong* Salita na pinagsama-sama), tingnan kung tama ba o hindi. Oh, nakapaloob ito sa ano? Mangyari nga na kung maipakita ng Mensaheng ito ang pagpapatunay ng Diyos na ipinamamamalas kung ano ang sinabi Niyang gagawin Niya, at nakalinya ito sa Salita, kung ganoon ang Salita ay pinagtibay na gaya noong naunang mga panahon at naunang mga propesiya.

255 Pansinin n'yo noong ang Mensahe. . . noong. . . Pansinin n'yo noong tinanggihan ng mga tao ang Mensahe, at tila ganap na natalo ang mensahero, hindi na siya makakuha ng panibagong pintuan, hindi na siya makakuha ng dako.

256 Tulad ng ating Panginoon. Alalahanin n'yo, noong Siya ay. . . Oh, noong pinapagaling Niya ang mga maysakit, ang batang Propeta, "Oh, grabe! Isa Siyang kahanga-hangang Tao!" "Kumusta, Rabi, kumusta ka?" Pero isang araw naupo Siya't nagsimulang sabihin sa kanila ang Katotohanan. Nakasumpong Siya ng mabuting-pagtingin galing sa iglesya, sa mga tao. Libo-libo ang sumunod sa Kanya. Mayroon Siyang pitumpung ministro sa paligid Niya, maliban pa sa labindalawa. Pero isang araw matapos Niyang gawin ang tinapay na. . . o ginawa ang. . . pinarami ang mga tinapay, para patunayang Siya ang Diyos, dahil ang Diyos lang ang nagpaulan ng tinapay mula sa Langit. Oo. Kita n'yo? Pinarami Niya ang mga tinapay. At pagkatapos na pagkatapos nun. . . lumakad Siya sa tubig, nagpamalas ng mga himala, at gumawa ng mga bagay na ginawa Niya, para patunayang Siya nga.

257 At pagkatapos, noong nagawa na Niya, naupo Siya't sinimulang magsaysay sa mga tao nang may kahigpitan. Nagsitalikod ang mga tao. At sabi pa nung pitumpu, "Uh! Sinong may kayang makinig Nito? Matigas na pananalita 'yun. Ginuho Mo ang talagang inisip namin na iba. Ngayon, sino Ka para sabihin sa amin ang mga bagay na ito?" At lumayo sila.

258 Pagkatapos ay bumaling si Jesus sa Kanyang munting grupo, tulad sa panahon ni Noe, tulad sa panahon ng Sodoma, sabi, "Gusto n'yo bang umalis, din?"

259 Pagkatapos binitiwan ni Pedro ang mga dakilang salita na 'yun, "Panginoon, saan kami pupunta?" (Diyos, tulungan Mo kami.)

260 Pansinin n'yo noong tinanggihan ang Mensahe at tila ba natalo ang mensahero, doon na pumapasok ang Diyos sa eksena, tapos na ang kanyang Mensahe.

261 Si Noe, (patapos na ito), nangaral si Noe sa pintuan ng kanyang daong sa loob ng sandaan at dalawampung taon, hanggang, dumating sa punto na pinagtawanan nila siya nang may pang-uuyam, pumasok si Noe sa daong na iniisip na ang. . . magiging ayos ang lahat. Isinara ng Diyos ang pintuan. At umali-aligid ang mga tao para tingnan kung anong mangyayari.

Naroon siya sa loob nang pitong araw at naghintay, at sa ikapitong araw ay dumating ang ulan. Uh-huh.

262 Si Moises, ano ang kalagayan niya? Nasa mismong pagtupad ng tungkulin, pinangungunahan ang mga tao. Humarang ang Dagat na Pula sa kanyang daraanan. Nasa dulo na siya ng kanyang daan. Sa mga sandali ngang 'yun dumating ang Diyos na may dalang hanging Silangan at hinawi ang dagat, sa dulo ng daan.

263 Si Daniel, pinanindigan niya ang kanyang mensahe, "Hindi ko dudungisan ang aking sarili sa daigdig na ito ng hari." Tumayo nang tapat sa Diyos, nasa mismong dulo na siya ng kanyang daan, na para bang sumapit na ang wakas ng kanyang oras, itinapon nila siya sa yungib ng mga leon. Dumating ang Diyos sa eksena.

264 At isang umaga, doon sa Babilonia . . . Amen! Makakatingala ako sa Langit, nakikita ko ang isang—isang Luklukan, nangakatayo ang mga Anghel sa palibot. Tutunghay rito sa Babilonia, nakikita ko ang isang—isang nagniningas na pugon. Nakikita ko ang tatlong anak na nakatayo roon, sinasabi, "Kaya kaming iligtas ng aming Diyos." Kita n'yo? "Siyanga't hindi kami yuyuko sa iyong imahe, dahil ito'y salungat sa Salita." Kita n'yo? "Tatayo kami rito."

265 "Buweno," sabi ng hari, "lumakad kayo sa baitang, kayo'y susunugin." Napakalaking matipunong lalaki, sa dulo nung sibat na 'yun, heto na sila sa baitang, hakbang bawat hakbang, na painit nang painit.

266 Nakikita ko ang isang Anghel na nakatayo roon, may isa, sa tabi ng Luklukan, na kumuha ng tabak at hinugot ito, sabi, "Ama, tumunghay Ka sa ibaba roon, sa nangyayari! Pahintulutan Mo akong bumaba, ako si Gabriel, babaguhin ko ang eksena."

267 "Ibalik mo ang iyong tabak sa kaluban, Gabriel. Natutunghayan Ko na."

268 Heto ang isa pa na nagprisinta, sabi, "Ama, ako si Wormwood, ako ang tagawasak sa pamamagitan ng tubig. Noong panahon ng pangmalawakang pagkagunaw sa baha, nagkasala ang tao at minaltrato ang Iyong bayan, at ibinunsod ko—ibinunsod ko ang buong mundo na maging isang malaking bola ng tubig. Aanurin ko ang Babilonia para mabura sa mapa ngayong umaga. Papuntahin Mo lang ako."

269 "Alam Kong kaya mo, Wormwood, isa kang tapat na Anghel. Kita mo? Pero, hindi Kita maaaring papuntahin, trabaho Ko ito. Ako ang pupunta, Mismo."

"Dito, nakita Mo sila?"

270 "Pinagmasdan Ko sila nang magdamag. Narinig Ko ang kanilang pagtitipon para sa pananalangin. Nakita Ko ang

pagtayo nila para sa Aking Salita. Pupunta Ako roon sa tamang oras." Oh, grabe! Nakikinita ko Siyang tumindig at iniladlad ang Kanyang pangharing kasuotan sa palibot Niya, nang paganoon, at nagsabi, "Halikayo rito, hanging Silangan, Hilaga, Timog, Kanluran. Lumulan kayo sa ilalim nung itaas ng maitim na ulap, sasakay Ako sa inyo bilang isang karwahe ngayong umaga. Bababa Ako sa Babilonia, babaguhin Ko ang eksena." Oh, kapatid, naroon nga Siya sa tamang oras!

271 Ang mata Niya ay nakamasid sa maya at alam Kong nakamasid Siya sa akin. Nakamasid pa rin Siya ngayong gabi, nakamasid sa akin, Siya'y nakamasid sa inyo. Nakamasid Siya kung maninindigan ba tayo o hindi maninindigan, kung anong magiging pasya natin, kung maninindigan tayo nang tapat sa Salita o lalayo Rito. Maaaring mas huli na kaysa sa inaakala n'yo.

272 Si Jacob, sa kanyang daan pauwi, inspirado na umuwi, sasalubungin siya noon ng kapatid niya. Oh, pero isang gabi'y nakipagbuno siya sa Diyos. Takot siyang makatagpo ang kapatid niya, pero nung kinaumagahan ay siya'y naging matapang, na pipilay-pilay na prinsipe. "Hindi ko kailangan si Esau ni ang kanyang hukbo, alinman," Pumasok ang Diyos sa eksena. Kita n'yo, pumapasok Siya sa kakaibang paraan.

273 Si Jesus, tinanggihan, matapos na patotohanan na Anak ng Diyos, sabi, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, huwag ninyo Akong sampalatayanan." Siya ang Liwanag sa panahong 'yun (Siya pa rin ang Liwanag!), pumasok sa eksena. At ang mga tao, hangga't Siya'y nakakapag. . . tinapay at mga isda at mga buong piraso ng tinapay, ang mga tao nga'y sumunod sa Kanya. Pero noong simulan na Niyang sabihin sa kanila ang Katotohanan ng Salita, 'yun ang nagbunsod na humiwalay sila, may mga sarili silang tradisyon na pinanghahawakan nila. Salungat kasi, ganoon pa man batid n'yong Siya'y eksaktong nasa Kasulatan. Pero hindi Ito makita ng mga bulag na mata ng mundo; maski sila sa panahon ngayon, hindi rin nila nakita sa anumang kapanahunan, ang ibig kong sabihin, sa kabuoan. Anong nangyari? Para bang natalo Siya.

274 Pansinin n'yo, mula sa mismong oras na 'yun, nawala sa Kanya ang Kanyang kasikatan. Kailan? Noong sinimulan na Niyang sabihin sa kanila ang Salita. Noong humahayo Siya't nagdaraos—at nagdaraos ng mga gawaing pagpapagaling at mga kampanya, gustong-gusto Siya ng lahat, "Oh Rabi, pumunta Ka rito!" at, "Rabi, pumuna Ka rito!" Pero noong pasimulan na ang Kanyang Turo't Aral; "Oh, ginugulo ng Turo Mo ang aming mga miyembro." Oh, grabe! "Oh, hindi Ka na maaaring pumunta sa simbahan ko, Rabi, dahil, naku, nililito Mo ang aming mga miyembro, napakasalungat ng Turo Mo sa pinaniniwalaan namin." Hindi ito nagbago. Kita n'yo? Hindi nga. Oo. "Hindi Ka na puwede sa amin, Guro!" Sa kabila ng pinagtibay na Siya,

pinatunayan na ng Mga Kasulatan kung Sino Siya, sa kabila nun ay hindi nila Ito masampa-sampalatayanan.

275 Sa huli'y nagpatuloy Siya hanggang sa huling sandali, noong inisip ni Satanas "Nahuli ko na Siya," ipinako niya Siya sa krus. Tinanggihan, nang tinanggihan, nang tinanggihan, nang tinanggihan, hanggang sa inakala nila na sa wakas ay napatay na nila Siya, inilagak Siya sa libingan. Pero doon mismo pumasok ang Diyos sa eksena. Mula sa libingan ay nagbangon Siya! Bakit?

276 Ganoon din, kay Pablo, sabi niya, "Ang lahat. . .iniwan ako ni Demas. Iniwan ako ng lahat ng tao dahil sa Salita." Sa palagay ko'y hindi naman napunta si Demas sa mga night club at ganoong mga bagay. Pero gusto ni Demas umalis, isang mayamang tao si Demas. At gusto niyang sumama sa kilalang grupo, at kaya naman pumunta siya roon kung saan doon din nagpupunta ang iba pa sa kanila. At sinabi ni Pablo pagkatapos, "Iniwan ako ng lahat." Bakit? Ang kanyang pagmiministeryo, papunta na siya sa tugatog nito, papunta na sa wakas.

277 Ang mithi niya'y maging isang martir dahil sa pinatay niya si Esteban, sumaksi siya sa kamatayan nito at pinahintulutan 'yun. Minithi niyang mamatay. Noong ang. . .si Agabo, ang kilalang propeta, ay tumayo sa tabi niya't sinabihan siya na huwag pumunta sa Jerusalem, ang sabi niya, "Alam kong hindi ako dapat pumunta. Pero haya't di lamang ako nakahandang pumunta, na pupunta na matatanikalaan at magagapos, sa Jerusalem, anupa't handa mismo akong pumunta at mamatay para sa Panginoong Jesus." Ano ito? Tinatatakan niya ang kanyang pagmiministeryo.

278 Oh Iglesya ng buhay na Diyos, maaari pa tayong mag-usap nang magdamag. Paano natin tatatakan ang ating Mensahe? Paano natin ito gagawin? Diyos, tulungan Mo nawa kaming dalhin ang Salitang ito, tumindig nang may katapangan. Itulot Mong mamatay ako nang dahil sa Salita; mabuhay nang dahil sa Salita, mamatay nang dahil sa Salita. Ikalat n'yo ang Liwanag, sapagkat Magliliwanag sa oras ng gabi. Naroon na tayo sa oras na 'yun, mga kaibigan. Sampalatayanan natin Ito, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo.

279 Una, humihingi ako ng paumanhin sa pagpapanatili sa inyo hanggang sa mga oras na ito, nasa dalawang oras, isang oras at apatnapu't limang minuto, sa tingin ko, eksakto po. Umaasa akong walang nasaktan. Hindi namin hangad na makapanakit. Yan, kung ganyan ang nasa—kung ganyan ang nasa puso't kaluluwa namin, kung ganoon mali kami, mismo, kung sinasabi lamang namin na mga ministro ang mga bagay na tulad nun, haya't mga kapatid ko rito, ang mga lalaking ito na puspos-ng-Espiritu Santo. Kita n'yo?

280 Noong maligtas ako at sinabi ko sa pastor ko na Baptist na natanggap ko ang Espiritu Santo, at ang lahat ng bagay na ito, itong mga. . .at sinabi ng Anghel ng Panginoon sa akin kung anong gagawin, sabi niya, "Binangungot ka lang siguro, Billy."

Sabi ko, "Doktor Davis, nakakita ako ng isang Anghel."

281 Sabi niya, "Oh, kalokohan!" Sabi, "Sa—sa diyablo 'yan." Kita n'yo? Oh, grabe, grabe nga akong nasaktan nun! Sabi ng Diyos, "Mangangaral ka sa mga hari't mga makapangyarihan?"

Sabi ko, "Yun ang sabi Niya."

Sabi niya, "Samantalang ikapitong-baitang lang ang edukasyon mo?"

Sabi ko, "Yun ang sabi Niya."

282 Sabi nito, "Sino sa tingin mo ang makikinig? Hahayo para mangaral ng Makalangit na pagpapagaling sa isang panahon na tulad nito, at heto ang lahat ng premyadong medikal na pananaliksik at mga bagay-bagay?"

Sabi ko, "Hindi ko naman kayang pigilan kung ilang Goliath ang tatayo roon."

Sinabi niya, "Sino sa palagay mo ang makikinig sa iyo?"

283 Sabi ko, "Kung ipadadala ako ng Diyos, mayroong makikinig sa akin."

284 Hindi ko pa alam ang tungkol sa inyo noon. At noong dumating ako sa inyo, para ngang pagsusuot 'yun ng guwantes sa isang kamay, lapat na lapat ako sa inyo. Mahal ko kayo. Mahal ko kayo. Mahal ko ang mga kapatid kong pastor. Sa tingin n'yo ba ang isang Presbyterian, Methodist, o Lutheran, ay magagawa nilang makapagbukas ng kanilang simbahan kagaya ng ginawa ng kapatid na ito ngayong gabi, para maupo tayo rito at mangaral ng ganitong klase ng mensahe? Hindi, po, hinding-hindi. Ang mga ito'y magigiting na lalaki na naniniwala sa Katotohanan. Ngayon makilinya kayo sa kanila sa Salita, kita n'yo, layuan n'yo ang mga bagay ng mundo.

285 Kapatid na kababaihan, pahabain n'yo ang inyong buhok. Isuot n'yo ang inyong mga bestida, nang disente't maayos. Mahiya kayo. Alisin n'yo ang kolorete na 'yan sa inyong mukha. Kita n'yo? Mas maraming Kasulatan para sa inyo ukol sa sa pagkokolorete kaysa sa pagpuputol ng inyong buhok. Siyanga. Huwag n'yong gawin ito. Huwag n'yong gawin ito. Sinabi ng Biblia na isang kahiya-hiyang bagay na gawin ito ng isang babae. Ang buhok ay ang kanyang kaluwalhatian. Ngayon sasabihin n'yo, "Maliit na bagay 'yan." Sige lang, alisin natin ang maliliit na bagay sa daan at pagkatapos ay maaari na nating pag-usapan ang malalaking bagay. Magsimula tayo nang tama.

286 Ngayon, mga kapatid na lalaki. Oh, naku! Hayaan n'yo namang magsabi ako ng isang bagay sa kalalakihan. Ginoo,

kapatid ko, kung hahayaan mo ang iyong asawa na gawin ang bagay na gaya nun, ikinahihiya kita, at haya't mag-aangkin ka pa naman na isang lalaking puspos-ng-Espiritu. Mahiya ka, na hahayaan ang asawa mong lumakad sa lansangan.

287 At 'yang pananamit mo'y pawang seksi at lahat na na gaya nun, at alam mo bang sinabi ng Biblia, sinabi ni Jesus, "Ang sinumang tumingin sa isang babae na may pagnanasa ay nagkasala ng pakikipangalunya sa kanya"?

288 Sasabihin n'yo, "Ngayon sandali lang, aking kapatid, inosente ako." Naniniwala akong ikaw nga, kapatid kong babae, inosente ka sa natural na akto. Pero kung inilalantad mo ang iyong sarili at tiningnan ka ng makasalanan, at inilalantad mo ang iyong sarili nang paganoon, sinong may sala? Ikaw, dahil sa paglalantad ng iyong sarili. Kaya naman sa araw ng Paghatol, kapag nanagot ang makasalanang 'yun sa pangangalunya, sino ang kasama niya sa paggawa nito sa kanyang puso? Ikaw! Bakit? Dahil inilantad mo ang sarili mo. Ngayon, 'yan po mismo ang Katotohanan.

289 Maaari ba, maaari ba, kapatid na babae, mangyaring, sa Pangalan ni Jesus, maaari ko bang hilingin sa iyo bilang iyong kapatid, na magpakatuwid ka?

290 Kapatid na lalaki, mahiya ka sa pangunguna mo sa iyong pamamahay sa ganyang paraan, magpakaayos ka. Ako'y—ako'y mas umaasa sa iyo bilang isang lalaki. Kita n'yo?

291 Mga pastor na nagpapapasok sa kanila, kumukuha ng mga diyakono't lahat na ng iba pa at mga tungkuling gaya nun, na may dalawa o tatlong buhay na asawa, at mga bagay-bagay, hindi ka ba nahihiya, ministro? Hindi mo ba ikinahihiya ang ganoong mga bagay? At tinatanggap silang mga miyembro roon gayong nabubuhay sila sa pangangalunya, at humihitit ng sigarilyo, at ginagawa ang lahat, at ni hindi man lamang ito binabanggit mula sa entablado. Mahiya ka! Akin—akin—akin kitang ipapanalangin, kapatid.

292 Pagpalain kayo ng Diyos. Salamat sa pasensya n'yo sa pagtitiis sa akin. Ngayon, iniisip ko. . .

293 Dumating na ang Liwanag sa gabi. Narito na ang Liwanag sa gabi, pabalik sa Salita.

294 Ngayon, habang nakayuko ang inyong mga ulo, nakayuko ang inyong mga puso, tanungin n'yo ang sarili ng tanong na ito, "Nakasukat ba ako sa Salitang ito? Nakasukat ba ako?"

295 Ang panalangin ko, mula sa entablado, "Oh Diyos, putulin Mo po ang lahat ng bagay sa akin na hindi Mo kawangis. Oh Diyos, alisin Mo po sa akin." Narito na tayo sa dulo ng landas.

296 Sige, magagawa n'yo kayang maging sinsero na maitaas ang iyong mga kamay at sabihin, "Diyos, alisin Mo ang lahat ng bagay sa akin na hindi Mo kawangis. Gawin Mo ako,

Panginoon, hubugin Mo ako at gawin Mo ako"? Pagpalain kayo ng Panginoon.

297 Kung mayroong sinuman na wala sa ayos, at isang makasalanan at napadako rito ngayong gabi, at hindi pa kailanman tinanggap si Cristo bilang Tagapagligtas, o isang tumalikod sa pananampalataya o kung ano, at ibig bumalik, inaanyayahan kita na lumapit at tumayo rito sa may altar. Kung naniniwala kang diringgin ng Diyos ang mga panalangin ko para sa mga maysakit, naniniwala akong pakikinggan Niya ako. At kayo at ako'y magsama-sama habang inilalagak natin ang ating pananampalataya sa Hain, na si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, at maghandog ng panalangin, nananampalataya akong diringgin ng Diyos. Inaanyayahan po kayong lumapit at tumayo para sa panalangin.

298 Ngayon, Makalangit naming Ama, idinudulog namin sa Iyo ang mga tagapakinig na ito, ang mga putol-putol na salita na napahaba, Panginoon. Marami na ang napagod at nahapo at umuwi na, at marahil ang ilan ay medyo masama ang pakiramdam, at, Panginoon, hindi ko—hindi ko po masabi kung sinu-sino sa mga tagapakinig sa lahat ng oras. At, kung tutuusin, Ama, Ito'y Salita Mo at talos Mo ang puso ko. Kaya. . .at ako'y. . .Kahabag-habag ako kung hindi ko ito gagawin. At kailangan kong—kailangan kong gawin ito, Panginoon. Kaya dalangin ko po ngayon na ang mga tao na may pang-unawa sa Salita ay makaunawa nang malinaw, at nakatitiyak akong ang mga tinawag Mo patungo sa Buhay ay mauunawaan na ito nang malinaw, na hindi ito para sa anumang bagay sa mundo kundi isang pusong puno ng pag-ibig para sa Diyos at sa Kanyang Iglesya na isinasamo ko ang mga bagay na ito.

299 Ama, halos lahat ng kamay rito ay itinaas para sa isang pagtutuli, para putulin ang lahat ng kalabisan na di nararapat doon. Diyos, tulungan Mo po kaming lahat. Tumatayo ako mismo kasama nila, Panginoon. Isa ako sa kanila, naghihintay ako sa pagdating ng mabunying araw ng Milenyum kung kailan ang kasalanan at kahihiyan ay mawawasak na magpakailanman. At, Ama, habang narito kami sa mundo ay alam naming sakop kami ng mga bagay na ito, madali kaming magkamali, madali kaming magkasala, lumalakad pa rin kami, at gayunman ay hindi namin hinahangad na gawin ito. Gaya ng sabi ng Biblia, "Huwag kang manlupaypay kapag ikaw ay sinasaway." Kundi dalangin ko po, Ama, na ang pagsaway sa Salita ay humihiwa sa akin gaya ng kung paano ito humihiwa sa iba pa sa kanila. At dalangin ko po, Ama, na maunawaan nila ito nang ganoon.

300 Dalangin ko po na Iyong pagpalain sila ngayon. At ito nawa, gaya ng ipinanalangin na namin noon, Panginoon, na inaalam at minamatyagan ang bagay na hinihiling namin, dahil ayaw naming humiling nang mali, ayaw naming humiling ng isang

bagay na para lang magbitaw ng mga salita, dahil sa nakikipag-usap kami sa Iyo.

301 Hinihiling ko po sa Iyo na pagpalain ang aming munting kapatid dito na nagbukas ng kanyang pintuan para sa akin na pumasok ngayong gabi. Idinadalangin kong Iyo pong pagpalain ang kanyang iglesya at nawa ang bawat isa sa kanyang mga miyembro, Panginoon, ay sadyang. . .Nawa'y maging isang parola ito, isang lugar kung saan dumadaloy ang mga kaloob ng Diyos at ang lahat ng bagay ay sadyang dumaloy nang maayos.

302 Pagpalain Mo po ang bawat ministro na nakaupo rito, ang kanilang mga iglesya. At magkaroon nawa ng napakatinding pagyanig, o isang pagpapatunog sa puno ng morales, ng Espiritu ng Diyos sa pagtawid Nito sa Phoenix, at dadalhin ang mga iglesya sa pakikisama at sa—at sa isang dakilang rebaybal, na di halos makapangaral ang mga ministro, para sa Ikaluluwalhati ng Diyos; kundi kapag nagtipun-tipon ang mga banal nang maaga sa hapon, may pag-iyak at pananalangin at pagpapatotoo at mga mensahe, talagang isang totoong pagbuhos ng Espiritu, kung kailan ang buong bayan ay mahihikayat na pumunta, makinig. Ipagkaloob Mo po ito ngayon.

303 Iyo pong pagalingin ang mga maysakit sa kalagitnaan namin, Panginoon. Iyong ipagkaloob sa kanila ang Makalangit na pagpapalaya, Ama, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

304 Ngayon habang nakayuko ang ating mga ulo, kung mayroon dito na nagnanais tumayo sa paligid mismo ng altar ngayon, at habang nakayuko ang mga ulo natin, at ihihiging lamang natin ang isang munting awitin, isang—isang—isang magandang, lumang awitin ng Ebanghelyo. At nais nating ihiging 'yun. At sa paghiging natin, kung mayroong sinuman na nagnanais na ipanalangin namin kayo, tungo sa isang—isang mas malalim na karanasan, para matanggap ang Espiritu Santo, o kayo'y ligtas at hindi pa pinaging banal, o kung ano man, ikagagalak namin na gawin 'yun habang inihihiging natin itong munting awitin, *I Love Him*. At kung iniibig n'yo nga Siya, ipagpitagan natin ang Kanyang Salita ngayon.

I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

305 Habang lumalapit sila, ibig kong ang bawat isa sa inyo'y dumako na sa puwesto nila rito ngayon. Sige, kapatid na babae.

. . .love Him, I love Him
Because He. . .

Halina kayo ngayon, sa paligid ng altar, kayo na ibig lumapit ngayon.

. . .me

And purchased my salvation
On Calvary's . . .

306 Sige't bakit di lumapit dito ang ilan sa inyo na mga kapatid na babae na may maiksing buhok at mangako sa Diyos? Gusto n'yo bang basahin ko ito para sa inyo mula sa Biblia? Sige. Maaari ba kayong lumapit, sabihin, "Panginoon, gusto kong maging tama sa lahat ng bagay, at gusto kong magsimula nang tama. At gusto kong mapunta sa tamang daan at manatili roon. Mangangako ako sa Iyo ngayong gabi, Panginoon. Pahahabain ko na ito mula ngayon"?

307 Sinabi ng Biblia na kahiya-hiya para sa isang lalaki na magkaroon ng mahabang buhok, na magmukhang isang babae. Gumawa ang Diyos noon ng dalawang tipan, isa kay Adan at isa kay Eba. Binihisan Niya sila ng magkaiba. Magkaiba sila, nang lubos. Magkaiba sila noon pa man. May dalawang tipan mismo sa buong Biblia. Gusto kong mangaral tungkol sa dobleng tipan na 'yun isang gabi, minsan, ipapakita sa inyo kung ano ang pagkakaiba. Oh, grabe, matindi po ito. Naroon nga 'yun sa inyong kaso ng pag-aasawa at diborsyo, kung alam lamang n'yo ang katotohanan tungkol doon, haya't masasaayos ang buong bagay. Siyanga. Buweno, muli ngayon, hangga't tiyak tayo ngayon. Lumapit na kayo, maaari po ba?

I love Him . . .

Kailangan n'yo ang Espiritu Santo? Halina kayo, tumayo rito.

Because He first loved me
And . . .

Nagnanais ba kayo ng mas malapit na paglakad kasama Niya? Halina kayo, mangako kayo, tumayo kayo sa tabi Niya at tuparin ito. Walang maidudulot na mabuti ang mangako maliban na tutuparin n'yo ito.

On . . .

Maaari kayong lumapit at mangako kayo. Kinakailangan itong punan ng Diyos. Panghawakan lang n'yo ang inyong pangako.

308 Ngayon po'y hihilingin ko sa mga kapatid kong ministro kung maaari kayong bumaba na ngayon sa paligid dito, tumayo mismo sa paligid ng mga kalugud-lugod na tao rito habang mananalangin tayo rito, kausapin n'yo ang bawat isa, tanungin n'yo ang kanilang mga pangangailangan habang narito pa tayo.

309 Ang bawat isa ay maging mapitagan hangga't maaari. Ngayon, kikilalanin kayo ng Diyos, maging tunay lamang na mapitagan hanggang sa matapos ang panalanging ito. Maaari na kayong pumunta sa paligid ngayon, dito, sa palibot, sa malapit at sa likod ng mga taong ito na nakatayo rito para sa pananalangin.

On Calvary's tree.

310 Ngayon, muli, habang may mga ministro na nagtitipon sa magkabilang panig.

I love Him, I. . .

Gusto kong makita ’yun, mga ministro ng iba’t ibang organisasyon, na lahat ay nagkakaisa ngayon; na nasa ilalim ng Dugo.

Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary’s true. (Grabe!)

311 Ngayon lumapit na kayo, mga kapatid, sa tao na katabi n’yo riyan, ilagay ang inyong kamay sa kanila at tanungin sila kung ano ang nais nila mula sa Diyos. Ito ba’y kaaya-ayang panahon? Alam n’yo, kapag nakikita ko ito, tingnan n’yo rito, mga ministro ng iba’t ibang iglesya, nakatayo rito nang sama-sama. Ang mga kapatid na babaing nasa mga katre ay tumayo na, umalis na, wala na roon. Purihin ang Panginoon. Labis akong nagpapasalamat para dun, nakatayo na sa Pangalan ng Panginoon.

312 Ngayon, ang mga tagapakinig ngayon, ang bawat isa’y iyuko n’yo ang inyong ulo. Ang bawat isa sa inyo ngayon, sa puso n’yo, ay makipag-usap lamang sa Diyos na gaya ng pakikipag-usap n’yo sa akin; gaya ng kung lalapit kayo at sasabihin, “Kapatid na Branham, ako—ako. . .” Kung nakagawa kayo ng isang pagkakamali, sinasabi n’yo, “Ikinalulungkot ko po, Kapatid na Branham. Nagawa ko—nagawa ko ito, mapapatawad mo ba ako para rito? Mangangako ako sa iyo, Kapatid na Branham, hinding-hindi ko na gagawin uli ito laban sa iyo.” Ngayon palitan n’yo na lang ’yung pangalan ko roon, mula sa akin, gawin n’yong sa inyong Panginoong Jesus Cristo.

313 At kung kailangan n’yo ng kagalingan, kagaya nga ng kung lalapit kayo at magsasabi, “Kapatid na Branham, ako’y—ako’y walang-wala, hindi ako nakapaghapunan ng kahit ano ngayong gabi, at, oo, alam ko kung mayroon kang isang dolyar ay ibibigay mo ’yun sa akin.” Ngayon, kita n’yo, hindi n’yo kailangang sabihin sa Diyos, “Kung mayroon Ka pong kapangyarihan para makapagpagaling.” Mayroon Siya nito, kita n’yo. Sa akin ay masasabi n’yo ’yun, “*Kung* mayroon ka nito.” Pero sa Kanya ay hindi n’yo na kailangang sabihin, “*Kung* mayroon Ka.” Mayroon talaga Siya! Kita n’yo? Marahil sasabihin n’yo, hayan nga, “Kapatid na Branham, maaari mo ba akong bigyan ng isang dolyar? Kailangan ko—ko—ko ng makakain.” Aba, siyempre magbibigay ako, alam n’yo ’yun. Kung mayroon ako nito ay magbibigay ako sa inyo, anumang oras. Magkakaroon ako ng di kanais-nais na puso kung hindi ko gawin. At ako, na isang malupit, na makasalanang tao, at magiging ganoong kabait-ang-puso sa isang tao na tulad n’yo, ano pa kaya ang Diyos?

314 "Kung kayo nga na masasama ay marunong magbigay ng mabubuting kaloob, gaano pa kaya ang inyong Ama na nasa Langit na ibibigay sa kanila ang Espiritu, na humihingi Nito." "Kung hihingi kayo ng isda, bibigyan ba Niya kayo ng ahas? Hihingi ng tinapay, bibigyan ba Niya kayo ng bato?" Tiyak na hindi!

315 Aba, kung hihingi lamang kayo sa Kanya sa ganoong paraan, na may kalakip na pananampalataya, na sinasampalatayanan 'yun, matatanggap n'yo ito mula sa Kanya nang isang milyong beses na mas mabilis kaysa sa makatatanggap kayo ng anuman mula sa akin. At alam n'yong tutulungan ko kayo, gagawin ko ang anumang bagay na makakaya ko. Haya't sinuman sa mga kapatid na ito ay magagawa 'yun, na bubunot ng bawat sentimo mula sa mga bulsa namin para tulungan kayo. Gagawin namin ang anumang makakaya namin. Pero ito'y isang bagay na kailangan n'yong sampalatayanan sa pamamagitan ng pananampalataya.

316 Ngayon, sampalatayanan n'yo na matatanggap n'yo ito habang tayo'y nananalangin, at kayo'y nananalangin, at ang mga tagapakinig ay nananalangin, at naniniwala akong bababa ang Diyos at kikilalanin ang ating panalangin. At sa sandali mismo na maramdaman n'yong nakamit n'yo na Ito, na tutugunin ng Diyos ang inyong panalangin, kung magkagayon ay nakipagtipan kayo, "Panginoon, mali ang nagawa ko, hindi ko na ito gagawin pa. Itataas ko ang aking kamay, ipinapangako ko sa Iyo na hindi na," kikilalanin ng Diyos ang inyong salita. At sampalatayanan n'yo lamang ito nang ganoon at matatapos na itong lahat. Pagkatapos ay itaas lamang n'yo ang inyong mga kamay at pasalamatan Siya, "Panginoon, nangako na ako. At alam kong ito'y sa Iyo, at nangako Ka na tutugunin Mo ito, at hindi Ka maaaring mabigo."

317 Makalangit na Ama, kami, na Iyong mga lingkod, ay nakatayo sa ibabaw ng grupong ito na nagsilapit na nangangailangan ng Iyong mga pagpapala, at ng Iyong lingap sa oras na ito. Ama, mga tropeo sila ng Mensahe, sa panahon ng Liwanag sa gabi. Marami sa kanila, Panginoon, ay nagtatapat ng kasalanan. Ang ilan sa kanila'y nasa napakatinding pangangailangan. Dalangin ko po, Diyos, na sa Pangalan ni Jesus ay di Mo itataboy ang isa man sa kanila, dahil tutuparin Mo ang Iyong Salita. Ipinagugunita ko sa Iyo ang Iyong Salita, Panginoon, tulad ng ginawa ni Pedro at ng mga alagad noong nanalangin sila sa Mga Gawa 4, sabi nila, "Panginoon, gunitain Mo po ang Salita! Bakit nangaguguluhan ang mga pagano at nangag-aakala ang mga tao ng isang bagay na walang kabuluhan?"

318 Ngayon, Ama, dinadala namin ang Iyong Salita. Sinabi Mo, "Ang sinumang sumampalataya sa Akin ay may Buhay na walang hanggan. Ang lumalapit sa Akin kailanman ay

hindi Ko itataboy. Ang nakikinig ng Aking Mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin ay may Buhay na Walang Hanggan, at hindi na darating sa Paghatol kundi lumipat na mula kamatayan patungong Buhay."

319 Oh, maipabatid nawa ang aming mga kahilingan sa Diyos, at tutugon Siya sa amin. Kanyang saganang. . . "Ang nagpapahayag ng kanyang mga kasalanan ay magtatamo ng kapatawaran. Ang nagtatakip ng kanyang kasalanan ay hindi sasagana." At ipinagtatapat namin ang aming mga pagkakamali. Inihahayag ko ang mga pagkakamali ng mga tao. Inihahayag ko ang sarili kong mga pagkakamali. Humihingi ako ng habag. Humihingi ako ng kagalingan. Humihingi ako ng biyaya. Hinihiling ko na Iyong ibuhos ang Espiritu Santo, Panginoon, ngayon na mismo sa mga tao na naghihintay rito, na mabago ang kanilang mga buhay sa panghubog ng Diyos, at sila'y mahubog sa larawan ng Anak ng Diyos, na ang Espiritu na bumuhay sa Kanya, ay pumasok sa kanilang katawan at gawin silang mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

320 Naniniwala kaming narito Ka. Nananampalataya kaming Iyong kikilalanin ang Iyong Salita. Nananampalataya kaming Iyong kikilalanin ang pagsisikap ng Salita. Ngayon ay ipadala Mo po ang mga pagpapalang ito sa mga tao rito habang hinihintay nila ang Iyong Presensya na dalawin sila rito sa altar. Sa Pangalan ni Jesus.

321 Ngayon, kung sumasampalataya kayo, at sumasampalatayang natanggap n'yo, itaas n'yo ang inyong kamay sa Diyos. Kung tinatanggap n'yo ito bilang isang panalangin na may kalakip na pananampalataya't inyong pangako habang kayo'y bumabaling na ngayon sa Diyos, itaas n'yo ang inyong mga kamay.

322 At sige't tumayo ang mga tagapakinig. Ang lahat, ay tumayo mismo, na gustong mangako sa Diyos, ngayon sabihin, "Sinasampalatayanan ko Ito. Tinatanggap ko Ito. Sinasampalatayanan ko Ito."

323 Ngayon itaas n'yo ang inyong mga kamay at papurihan Siya at matatapos na lahat. Ang luwalhati'y sa Diyos! Salamat po, Panginoong Jesus, sa Iyong kabutihan at Iyong awa, at para sa lahat ng ginawa Mo para sa amin, Panginoon. Pinapupurihan Ka namin kay Jesus Cristo.

63-0116 Ang Panggabing Mensahero
Pentecostal Church Of God
Mesa, Arizona U.S.A.

TAGALOG

©2023 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org